# The Story of GOD

## Part Three
## From Divided Kingdom to Return from Exile




TREASURING CHRIST PH

Scripture quotations marked (MBB) are taken from *Magandang Balita Biblia* © 2012 Philippine Bible Society, used with permission.

Scripture quotations marked (ASD) are taken from *Ang Salita ng Dios* © 2010 Biblica Publishing, used with permission.

Bible illustrations are from © Sweet Publishing, https://www.unfoldingword.org/sweet-publishing/.

*The Story of God: Part 3 (From Divided Kingdom to Return from Exile)*
© Copyright 2020 Derick Parfan, All rights reserved.

Published by Treasuring Christ PH Publishing
Baliwag Bible Christian Church
116 Vergel de Dios St., cor. Cunanan St., Concepcion, Baliuag, Bulacan

For more resources, please visit our website (http://treasuringchristph.org) and Facebook page (http://facebook.com/treasuringchrist.ph/).


## Contents

Chapter 47 – Divided Kingdom .... 1
Chapter 48 – Elijah and the Widow .... 4
Chapter 49 – Yahweh vs Baal .... 7
Chapter 50 – Jonah’s Disobedience .... 11
Chapter 51 – Jonah’s Obedience? .... 15
Chapter 52 – Hosea .... 18
Chapter 53 – Fall of Israel .... 22
Chapter 54 – Isaiah and the Messiah .... 26
Chapter 55 – Isaiah and Hezekiah .... 30
Chapter 56 – Manasseh and Zephaniah .... 34
Chapter 57 – Josiah and Zephaniah .... 37
Chapter 58 – Habakkuk .... 40
Chapter 59 – Jeremiah .... 44
Chapter 60 – The New Covenant .... 48
Chapter 61 – Ezekiel .... 51
Chapter 62 – Daniel and Friends .... 55
Chapter 63 – Nebuchadnezzar’s Dream .... 58
Chapter 64 – Nebuchadnezzar’s Gold Statue .... 64
Chapter 65 – Daniel in the Lions’ Den .... 68
Chapter 66 – Temple Rebuilding .... 72
Chapter 67 – Ezra .... 76
Chapter 68 – Nehemiah .... 80

# Chapter 47 – Divided Kingdom

Story from **1 Kings 12-16**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkamatay ni Solomon, pumalit sa kanya ang kanyang anak na si Rehoboam. Hindi siya nakinig sa payo ng matatanda at naging mas malupit siya kaysa sa kanyang ama. Dahil dito, nagrebelde ang Israel laban sa kanya sa pangunguna ni Jeroboam, isa sa mga opisyal dati ni Solomon.

Bilang katuparan ng salita ng Diyos kay Solomon noon, si Jeroboam nga ang naging hari ng sampung angkan ng Israel. Naiwan naman kay Rehoboam ang angkan ng Judah at Benjamin. Dito nagsimulang mahati ang kaharian. Ang hilaga ay tinawag na Israel. Ang timog naman ay Judah.

Dahil sa takot ni Jeroboam na ang mga taga-Israel ay lumipat sa Judah para doon sumamba dahil naroon ang templo, nagpagawa siya ng dalawang gintong baka at sinabi, *"Mga Israelita, narito ang inyong mga Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto."*

Nilagay ang mga ito sa magkabilang dulo ng Israel – sa Dan at sa Bethel. Ito ang naging dahilan ng pagkakasala ng mga Israelita. Ipinasabi ng Diyos kay Jeroboam, "*May ilalagay ang Diyos na hari sa Israel na siyang gigiba sa sambahayan ni Jeroboam."*

Pagkamatay Jeroboam, pinalitan siya ng anak niyang si Nadab. Dalawang taon lang itong naghari dahil pinatay siya ni Baasa, na pumalit sa kanya bilang hari. Tulad ng salita ng Diyos, pinagpapatay ni Baasa ang buong pamilya ni Jeroboam, wala siyang itinira kahit isa.

Sa dalawampung (20) naging hari ng Israel matapos itong mahati hanggang sila ay itapon sa Assyria, lahat sa kanila ay gumawa ng masama sa paningin ng Diyos.

Sa timog naman, sa Judah, pumalit kay Rehoboam ang anak niyang si Abia. Ginawa rin niya ang lahat ng kasalanan na ginawa ng kanyang ama. Hindi naging maganda ang relasyon niya sa Diyos, hindi tulad ni David na kanyang ninuno.

Pero dahil kay David, niloob ng Diyos na magmumula sa angkan niya ang maghahari sa Jerusalem. Dahil ginawa ni David ang matuwid sa paningin ng Diyos, hindi niya nilabag ang utos ng Diyos, maliban lang sa ginawa niya sa asawa ni Batsheba.

Pagkatapos ng tatlong taong paghahari ni Abia, pumalit sa kanya ang kanyang anak na si Asa. Matuwid ang ginawa niya sa paningin ng Diyos, tulad ng ninuno niyang si David. Ipinatanggal niya ang mga Diyos-Diyosan at pati ang lola niyang si Maaca ay inalis niya sa pagka-reyna dahil sa mga pagpapagawa nito ng mga kasuklam-suklam na mga Diyos-Diyosan.

Nagkaroon din ng 20 hari sa Judah bago ito ipatapon sa Babylonia. Karamihan sa kanila ay di naging katulad ni David, pero meron ding ilan na tulad ni Asa na tumulad kay Haring David.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento...



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento...



1. Paano mo isasalarawan ang relasyon sa Diyos at sa kanyang salita ng mga haring sina Solomon at kanyang anak na si Rehoboam? Si Jeroboam naman?

2. Ano ang naging epekto nito sa kanila at sa bansang Israel?

3. Kung lahat ng naging hari ng Israel ay ganito, ano ang sinasabi nito sa problema ng puso nating mga tao?

4. Paano mo mas nakikilala ang Diyos sa kuwentong ito at sa buong kasaysayan ng Israel?


5. Ano ang nakita mong kinalaman ng relasyon sa Diyos at ng pakikinig sa kanyang salita?

6. Paano ito nakita sa halimbawa ni David at ni Asa?

7. Bakit iba ang klase ng pagtrato ng Diyos sa Juda? Ano ang kinalaman dito ni David? Basahin ang **1 Hari 15:4-5; 2 Hari 8:19; 19:34; 20:6.**

8. Paanong ang kuwentong ito ay nagtuturo sa atin sa perpektong pagsunod ni Jesus at sa kaligtasang tinanggap natin dahil sa kanya? Basahin ang **Juan 4:34** at **Roma 5:19.**

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang di nakikinig sa salita ng Diyos ay nalalayo sa kanya.
- ✓ Ang nakikinig sa salita ng Diyos ay nalalapit sa kanya.
- ✓ Ang di pakikinig sa salita ng Diyos ay merong dulot na kapahamakan.
- ✓ Ang awa ng Diyos sa Juda ay hindi dahil mas masunurin sila kaysa sa Israel. Ito ay dahil sa pangako ng Diyos kay David. Gayundin naman, ang awa na naranasan natin mula sa Diyos ay hindi dahil sa sarili nating pagsunod kundi dahil sa perpektong pagsunod ni Jesus para sa atin.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Hari 12-14**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Roma 5:19**, “Kung sa pagsuway ng isang tao, marami ang naging makasalanan, ganoon din naman, dahil sa pagsunod ng isang tao marami ang itinuring ng Diyos na matuwid” (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Draws Near through His Word” sa bit.ly/24Goddrawsnear.

# Chapter 48 – Elijah and the Widow

Story from **1 Kings 17**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Naging hari ng Israel si Ahab, anak ni Omri, ilang taon bago matapos ang paghahari ni Asa sa Judah. Pero kaiba kay Asa, masama ang ginawa ni Ahab sa paningin ng Diyos, malala pa sa mga ginawa ng mga haring nauna sa kanya. Hindi pa siya nasiyahan sa paggawa ng mga kasalanang ginawa ni Jeroboam, kinuha pa niyang asawa si Jezebel na anak ng hari ng Sidon. Sa impluwensiya ng kanyang asawa nagpatayo si Ahab ng templo at altar para sa Diyos-Diyosang si Baal sa Samaria, mas matindi pa sa mga ginawa ng mga nauna sa kanya. Ginalit niya si Yahweh, ang Diyos ng Israel.

Sinabi ni propeta Elias kay Ahab, *"Hangga't buhay si Yahweh, walang hamog o ulan ang darating sa loob ng ilang taon hangga't hindi ko sinasabi."*

Pagkatapos nito, dumating ang salita ng Diyos kay Elias, *"Umalis ka rito at magtago ka sa batis ng Kerit na nasa silangan ng Jordan. Doon ka iinom at uutusan ko ang mga uwak na dalhan ka ng pagkain."* Ginawa nga ni Elias ang ayon sa salita ng Diyos. At tulad ng sinabi ng Diyos, dinadalan siya ng mga uwak ng tinapay at karne tuwing umaga at gabi. Doon din siya umiinom sa batis hanggang matuyo na ito dahil hindi na umuulan.

At dumating ulit ang salita ng Diyos sa kanya, *"Pumunta ka sa Sarepta sa Sidon at doon ka tumira. May inutusan akong biyuda doon na magpapakain sa iyo."*

Pumunta nga doon si Elias at sinabi sa kanya ng biyuda, *"Wala na akong tinapay. Isang dakot na harina na lang ang meron ako at kaunting langis. Pag niluto ko ito at kinain namin, mamamatay na kami sa gutom."*

Sumagot si Elias, *"Huwag kang mag-alala. Igawa mo ako ng tinapay at dalhin mo sa akin. Tapos gumawa ka naman ng para sa iyo at sa anak mo. Sinasabi ng Diyos na hindi magkukulang ang harina mo at hindi mauubos ang langis mo, hanggang dumating ulit ang ulan."* Ginawa nga ng babae ang sinabi ni Elias. At araw-araw silang nakakakain dahil hindi nauubos ang harina at langis ayon sa salita ng Diyos na kanyang sinabi sa pamamagitan ni Elias.

Kinalaunan, nagkasakit ang anak ng babae at namatay. Sinabi niya kay Elias, *"Galit ba kayo sa akin? Pumunta ba kayo rito para parusahan ako sa kasalanan ko?"*

Sabi ni Elias, *"Ibigay mo sa akin ang bata."* Kinuha ni Elias ang bata, inihiga, at nanalangin, *"O Yahweh na aking Diyos, buhayin po ninyo ang batang ito."* Sinagot ng Diyos ang hiling niya at muling nabuhay ang bata. Agad na sinabi ng babae kay Elias, *"Ngayon, nalalaman ko na kayo'y lingkod ng Diyos at totoong lahat ng salita ng Diyos na sinabi n'yo."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paano mo isasalarawan si Haring Ahab? Bakit nagalit ang Diyos sa kanya?

2. Paano nagpakilala ang Diyos sa kanya?

3. Paano mo isasalarawan ang biyuda sa kuwentong ito?

4. Paano nagpakilala ang Diyos sa kanya?

5. Paano mo isasalarawan si propeta Elias?

6. Anu-ano ang matututunan natin sa kuwentong ito tungkol sa salita ng Diyos, sa pamamaraan niya, at sa kapangyarihan ng kanyang salita?


7. Anu-ano ang gusto ng Diyos na patunayan tungkol sa kanyang sarili?

8. Ano ang babala o warning na gusto ng Diyos na pakinggan natin?

9. Paanong ang kuwentong ito ay nagtuturo tungkol kay Jesus at sa pagdating niya? May naaalala ka bang ginawa ni Jesus na hawig sa ginawa ni Elias? Tingnan ang **Lucas 7:11-17**.

10. Anu-anong mga pangako ng Diyos ang dapat nating panghawakan dahil sa ginawa ni Jesus para sa atin? Basahin ang **Mateo 6:25-34** at **Roma 8:31-39**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Nagsasalita ang Diyos sa iba't ibang paraan at sa iba't ibang uri ng tao.
- ✓ Nagsasalita ang Diyos para patunayang totoo ang salita niya at siya lamang ang totoong Diyos.
- ✓ Sa mga nagtitiwala sa mga Diyos-Diyosan, merong babala ang Diyos na sila'y paparusahan. Ngunit sa mga nagtitiwala sa mga pangako ng Diyos, na natupad kay Cristo, may pangakong kaligtasan at katiyakang ibibigay ang lahat ng pangangailangan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **1 Hari 17**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Roma 8:39**, "Sapagkat natitiyak ko na walang makakapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na ipinakita sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon. Maging kamatayan o buhay, mga anghel o anumang makapangyarihang espiritu, ang kasalukuyang panahon o ang hinaharap, ang mga kapangyarihan, ang mga nasa itaas o mga nasa ibaba, o kahit ano pang mga bagay sa buong mundo ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Draws Near through His Word" sa bit.ly/24Goddrawsnear.

# Chapter 49 – Yahweh vs Baal

Story from **1 Kings 18-22; 2 Kings 1-2**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkaraan ng tatlong taong tagtuyot sa Israel, dumating ulit kay Elias ang salita ng Diyos, *"Pumunta ka kay Ahab, at ako'y magpapaulan na."*

Pagdating ni Elias kay Ahab, sinabi ni Ahab sa kanya, *"Ikaw ba iyan, na nanggugulo sa Israel?"*

Sumagot si Elias, *"Ikaw ang nanggugulo, dahil tinalikuran n'yo ang mga utos ng Diyos at sumamba kay Baal. Ngayon tipunin mo ang 450 propeta ni Baal at 400 propeta ni Ashera."*

Nang matipon na ito ni Ahab, kasama ang mga Israelita sa Bundok Carmel, sinabi ni Elias sa mga tao, *"Kailan pa ba kayo magiging salawahan? Kung si Yahweh ang Diyos, siya ang sambahin n'yo. Kung si Baal, siya ang sundin n'yo."* Hindi nakaimik ang mga tao.

Hinamon ni Elias ang mga propeta ni Ahab, *"Magkatay tayo ng tig-isang toro. At ilagay sa ibabaw ng gatong. Tumawag kayo sa Diyos n'yo. At tatawag din ako sa Diyos ko. Kung sino ang sasagot sa pamamagitan ng apoy ay siya ang tunay na Diyos. Mauna na kayo."*

Ganoon nga ang ginawa ng mga propeta ni Baal, at tumawag sila, *"O Baal, sagutin mo kami!"* Ginawa nila ito mula umaga hanggang tanghali. Sumayaw-sayaw pa sila sa palibot ng altar pero wala pa ring nangyari.

Tanghaling tapat na ng sinabi ni Elias, *"Sige, lakasan n'yo pa! Baka nagpapahinga lang siya o natutulog o may pinuntahan, gisingin n'yo!"* Kahit sinugatan pa nila ang sarili nila, wala pa ring sumagot sa kanila.

Pinalapit ni Elias sa kanya ang mga tao. Nanalangin siya, *"O Yahweh, Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob, patunayan n'yo sa araw na ito na kayo ang Diyos ng Israel at ako ang inyong lingkod, at ginawa ko ang lahat ng ito ayon sa salita n'yo. O Yahweh, pakinggan n'yo po ako para malaman ng mga tao na kayo si Yahweh, ang Diyos, at pinababalik n'yo ang kanilang puso palapit sa inyo."*

Dumating agad ang apoy na galing sa Diyos at sinunog nito ang handog at ang lahat ng kinalalagyan nito. Nang makita ito ng mga tao, lumuhod sila at sinabi, *"Si Yahweh ang Diyos! Si Yahweh ang Diyos!"*

At ayon sa utos ni Elias, pinagpapatay nila ang mga propeta ni Baal at walang nakatakas kahit isa. Pagkatapos ng mga pangyayaring ito, di nagtagal ay dumilim ang langit dahil sa makapal na ulap, humangin at umulan nang malakas.

Pag-uwi ni Ahab, isinumbong niya sa asawa niyang si Jezebel ang mga ginawa ni Elias. Kaya pinasabi ni Jezebel kay Elias, *"Isinusumpa kong bukas na bukas din ay ipapatay kita tulad ng ginawa mo sa mga propeta."*

Natakot si Elias kaya tumakas siya at lumayo. Sabi niya sa Diyos, "*Sobra na ito, Panginoon. Mainam pa sana'y mamatay na lang ako."*

Nakatulog si Elias at paggising niya ay may nakita siyang tinapay at inumin. Kumain siya at uminom at pinalakas ng Diyos. Naglakbay siya sa loob ng 40 araw hanggang makarating sa Horeb, ang bundok ng Diyos. Pumasok siya sa isang kuweba at doon natulog.

Dumating ang salita ng Diyos, *"Ano ang ginagawa mo rito, Elias?"*

Sumagot si Elias, *"Ako na lang po ang natitira sa mga lingkod n'yo. Ang mga Israelita ay tumalikod na sa inyong kasunduan. At gusto pa nila akong patayin."*

Pagkatapos, may dumaan na napakalakas na hangin na dumurog sa mga bato, pero wala ang Diyos sa hangin. Lumindol, pero wala ang Diyos sa lindol. May apoy na dumating, pero wala pa rin ang Diyos doon. Pagkatapos may narinig na tinig si Elias na parang isang bulong. Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Huwag kang manghina, naglaan ako ng 7,000 Israelita na hindi luluhod at hahalik sa larawan ni Baal."*

Pagkatapos nito, pinili ng Diyos si Eliseo na pumalit kay Elias. Si Elias naman ay sinundo ng isang karwaheng apoy na hinihila ng kabayong apoy at dinala ng isang malakas na ipu-ipo paakyat sa langit.

Pagkaraan ng ilang taon, lahat ng sinabi ni Elias na parusa ng Diyos kina Ahab at Jezebel ay nagkatotoong lahat.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paano mo isasalarawan ang relasyon sa Diyos ng mga Israelita?

2. Bakit nahuhumaling sila sa mga Diyos-Diyosan? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa klase ng pagtitiwala nila sa Diyos at sa kanyang salita?

3. Anu-ano pa ang mga idols o Diyos-Diyosan na nasa puso natin? Paano nito ipinapakita ang kakulangan natin ng pagtitiwala sa Diyos at sa kanyang mga salita?

4. Ano ang ginawa ng Diyos sa kuwentong ito para patunayang siya lang ang tunay na Diyos?

5. Kung si Yahweh lang talaga ang tunay na Diyos, paano mo isasalarawan ang mga Diyos-Diyosan at ang mga sumasamba sa mga Diyos-Diyosan? Paano mo isasalarawan ang sarili mo sa tuwing kumakapit ka rin sa mga walang kuwentang mga Diyos-Diyosan?

6. Ano ang naging problema ni Elias pagkatapos ng pakikipagtunggali sa mga propeta ni Baal? Paano siya kinatagpo ng Diyos sa kalagayang ito?


7. Paano nagpakilala ang Diyos sa Israel? Paano nagpakilala ang Diyos kay Elias?

8. Paano nagpapakilala ang Diyos ngayon sa buhay mo?

9. Paano ipinakilala ng Diyos ang sarili niya sa pamamagitan ni Jesus? Basahin ang **Hebreo 1:1-4** at **Colosas 1:15-20**.

10. Ano dapat ang maging tugon natin sa pagpapakilala ng Diyos sa kanyang sarili sa atin?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang mga Diyos-Diyosan o idols ay anumang mga bagay na mas pinahahalagahan at mas pinagtitiwalaan natin nang higit sa Diyos.
- ✓ Wala nang ibang Diyos maliban kay Yahweh. Isang kahangalan ang pagsamba sa mga Diyos-Diyosan.

✓ Pinatutunayan ng Diyos sa kanyang mga anak na siya lang ang Diyos na marapat sambahin at pagtiwalaan.

✓ Ipinakilala niya ang sarili niya sa atin, nagsalita siya sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesus.

✓ Dapat tayong laging makinig sa salita niya, magtiwala at ipakilala siya sa iba bilang nag-iisang Diyos at Tagapagligtas.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

☐ **Read.** Basahin ang **1 Hari 18**.

☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Hari 18:36-37**, ""Yahweh, Diyos nina Abraham, Isaac at Jacob, patunayan po ninyo ngayon na talagang kayo ang Diyos ng Israel, at ako ay inyong lingkod, at ginawa ko ang lahat ng ito sapagkat ito ang inyong utos. Pakinggan po ninyo ako, Yahweh, upang malaman ng bayang ito na kayo lang ang Diyos at nais ninyo silang magbalik-loob" (MBB).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Draws Near through His Word" sa bit.ly/24Goddrawsnear.

# Chapter 50 – Jonah's Disobedience

Story from **2 Kings 13-14; Jonah 1-2**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Tulad ng mga naunang mga hari ng Israel pagkatapos na humiwalay ito sa Judah, masama ang ginawa ni Haring Jehoahaz sa paningin ng Diyos. Dahil dito hinayaan ng Diyos na masakop ang Israel ng Syria. Nanalangin si Jehoahaz sa Diyos at pinakinggan naman siya. Nakita ng Diyos ang kalupitan ng Syria sa Israel, kaya nagpadala ang Diyos ng isang tagapagligtas. Dahil doon, muli silang namuhay nang may kapayapaan.

Pero nagpatuloy pa rin sila sa paggawa ng masama sa paningin ng Diyos. Nang maging hari na ang apo ni Jehoahaz na si Jeroboam II, ganoon pa rin, sumunod pa rin sila sa yapak ni Jeroboam I. Sa kabila noon naibalik at napalawak pa ang teritoryo ng Israel na parang tulad ng sa panahon ni Haring Solomon. Ayon ito sa ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ni propeta Jonas, anak ni Amitai, na taga Gat Hefer. Niloob ng Diyos na mangyari ito dahil nakita niya ang paghihirap ng mga Israelita at walang sinumang makatutulong sa kanila. Kaya patuloy niyang inililigtas ang mga Israelita.

Isang araw, nagsalita ang Diyos kay Jonas, *"Pumunta ka agad sa malaking lungsod ng Nineve, at sumigaw ka laban dito dahil ang kasamaan nila'y umabot na sa akin."*

Pero agad na tumakas si Jonas sa Diyos papuntang Tarshish. Pumunta siya sa pier ng Jopa at bumili ng tiket at sumakay ng barkong papuntang Tarshish para takasan ang Diyos.

Nang nasa nasa laot na sila, nagpadala ang Diyos ng napakalakas na hangin, kaya bumagyo nang malakas hanggang halos mawasak na ang barko. Kaya natakot ang mga tripulante, at bawat isa sa kanila'y tumawag sa kani-kanilang Diyos. Sinubukan din nilang itapon ang kanilang mga kargamento sa dagat para gumaan ang barko.

Samantala, si Jonas naman ay mahimbing na natutulog sa ilalim na bahagi ng barko. Sinabihan siya ng kapitan, *"Tutulog-tulog ka pa! Bumangon ka nga at humingi ng tulong sa Diyos mo! Baka sakaling maawa siya sa atin, at iligtas tayo sa kamatayan."*

Nag-usap-usap naman ang mga tripulante, *"Magpalabunutan tayo para malaman natin kung sino ang dahilan kung bakit natin naranasan ang trahedyang ito."*

At nang magpalabunutan sila, nabunot ang pangalan ni Jonas. Sinabi nila kay Jonas, *"Gusto naming malaman kung sino ang may kasalanan nito. Sino ka ba?"*

Sumagot si Jonas, *"Ako ay isang Hebreo at may banal na takot kay Yahweh, ang Diyos ng langit, na lumikha ng dagat at lupa."*

Kaya lubhang natakot ang mga tripulante dahil sinabi sa kanila ni Jonas na tumatakas siya sa Diyos. Sabi pa nila, *"Ano itong ginawa mo!"*

Lalo pang lumakas ang bagyo. Tinanong nila si Jonas, *"Ano ang gagawin namin sa iyo para tumigil ang bagyo at makaligtas kami?"*

Sagot ni Jonas, *"Ihagis n'yo ako sa dagat, dahil ako ang dahilan kung bakit dumating ang bagyong ito."* Hindi nila ginawa ang sinabi ni Jonas, at sinubukan pa nilang sumagwan patungo sa dalampasigan pero lalo pang lumakas ang bagyo.

Sinabi nila, *"O Yahweh, huwag n'yo po kaming singilin sa gagawin namin kay Jonas. Alam naming nangyayari ito ayon sa inyong kalooban."* Kaya binuhat nila si Jonas at inihagis sa dagat. At kumalma na ang dagat. Dahil sa nangyari, nagkaroon sila ng banal na takot sa Diyos. Kaya naghandog sila para sambahin Diyos.

Samantala, nagpadala ang Diyos ng isang malaking isda para lunukin si Jonas. Tatlong araw at tatlong gabi siya sa tiyan ng isda. Nanalangin siya sa Diyos sa loob ng tiyan ng isda, at sinabi, *"O Yahweh, sa paghihirap ng aking kalooban at kalagayan nanalangin po ako sa inyo, at sinagot n'yo ako. Kayo ang nagligtas sa akin mula sa kamatayan. Aawit ako sa inyo ng pasasalamat. Tunay ngang ang kaligtasan ay galing sa inyo."*

Kaya inutusan ng Diyos ang isda, at iniluwa nito si Jonas sa dalampasigan.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa anu-anong bahagi ng “Story of God” nakita na nating ang plano ng Diyos ay abutin ang lahat ng mga tao sa mundo?

2. Kung ganoon, bakit sa tingin mong maraming Cristiano (kasama tayo!) pa rin ang hindi nakikibahagi sa pagtupad ng Great Commission (“Make disciples of all nations,” Matt. 28:19)? Anu-anong dahilan ang karaniwang sinasabi ng ilan?

3. Ano ang gusto ng Diyos na ipagawa kay Jonah? Ano ang ipinapakita nito sa katangian ng Diyos?

4. Paano masasabing "kahangalan" ang ginawang pagsuway at pagtakas ni Jonah?

5. Anu-anong kalagayan ng puso ni Jonah ang ipinakita niya sa eksenang ito? Paanong tayo'y katulad din niya?

6. Ano ang nakita mong malaking pagkakaiba ni Jonah sa mga tripulante ng barko? Ano ang ipinapakita nito sa puso ni Jonah?


7. Ano ang nakita mong malaking pagkakaiba ni Jonah sa malaking isda? Ano ang ipinapakita nito sa puso ni Jonah?

8. Paanong naranasan mo rin ang tulad sa nangyari sa kanya?

9. Paano mo mas nakilala ang Diyos sa kuwentong ito? Basahin ang **Jonah 2:9**.

10. Ano ang pagkakaiba ni Jesus kay Jonah? Paano ito nagtuturo sa gagawing pagliligtas ni Jesus sa atin? Pwede ring tingnan ang **Mateo 12:39-41**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagsuway ni Jonah sa utos ng Diyos na abutin ang ibang bansa/lahi ay nagpapakita ng ugali ng mga Israelita (at ng mga Cristiano din!) na hangal, walang pakialam, hipokrito, makasarili, walang awa, self-righteous, at mas gusto ang maginhawang buhay kaysa magsakripisyo.
- ✓ Malaki ang habag ng Diyos sa mga taong makasalanan, kaya't dapat nating tularan ang puso niya para sa ibang bansa.
- ✓ Higit na dakila si Cristo kaysa kay Jonah dahil sa pagsunod niya sa misyong ibinigay sa kanya ng Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Jonah 1-2**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Jonah 2:8-9**, “Ang mga sumasamba sa mga diyus-diyosan ay hindi naging tapat sa inyo. Ngunit aawit ako ng pasasalamat at sa inyo'y maghahandog; tutuparin ko ang aking mga pangako, O Yahweh na aking Tagapagligtas!” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Reaches Out with Great Compassion” sa bit.ly/25Jonah.

# Chapter 51 – Jonah's Obedience?

Story from **Jonah 3-4**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Muling nagsalita ang Diyos kay Jonas, *"Pumunta ka agad sa malaking lungsod ng Nineve at sabihin mo sa mga taga-roon ang ipinapasabi ko sa iyo."* Pumunta agad si Jonas sa malaking lungsod ng Nineve ayon sa sinabi ng Diyos. Pagpasok niya roon, sinabi niya sa mga taga-roon, *"May 40 araw na lang ang natitira at wawasakin na ang Nineveh!"*

Sumampalataya sa Diyos ang mga taga-roon. Mula sa pinakadakila hanggang sa pinakaaba, lahat sila ay nagsuot ng damit panluksa at nag-ayuno. Dahil noong napakinggan ng hari ng lungsod ang mensahe ni Jonas, ganoon din ang ginawa niya. Naglabas pa siya ng kautusan na gawin ang pagluluksa ng lahat, pati mga hayop. Sabi pa niya, *"Taimtim kayong manalangin sa Diyos. Talikdan n'yo ang masamang pamumuhay at pagmamalupit. Baka sakaling hindi na ituloy ng Diyos ang kanyang parusa at mawala ang kanyang galit sa atin."*

Nakita ng Diyos ang kanilang ginawa, kung paanong tinalikuran nila ang kanilang masamang pamumuhay. Kaya hindi na itinuloy ng Diyos ang parusang nakaabang sana laban sa kanila. Hindi na niya nilipol ang mga taga-Nineve gaya ng sinabi niya noon.

Ikinasama naman ng loob ni Jonas ang nangyari at galit na galit siya. Sinabi niya sa Diyos, *"Sabi ko na nga ba, alam ko namang mahabagin kang Diyos, mapagmalasakit, mapagmahal at hindi basta-basta nagagalit. Nakahanda kang hindi ituloy ang sinabi mong parusa sa kanila. Iyan nga ang dahilan kung bakit ako tumakas noon papuntang Tarshish. Kaya mabuti pang patayin mo na lang ako, mas mainam pa iyon kaysa mabuhay ako."*

Sumagot ang Diyos, *"Tama ba namang magalit ka sa ginawa ko sa Nineve?"*

Lumabas si Jonas sa lungsod at naupo. Gumawa siya ng masisilungan at hinintay kung ano ang mangyayari sa lungsod. Dahil naiinitan pa rin si Jonas, nagpatubo ang Diyos ng isang malagong halaman para maliliman siya. Sobrang natuwa si Jonas dahil dito.

Kinaumagahan, ipinakain ng Diyos sa uod ang halamang iyon at nalanta. Pagsikat ng araw, pinaihip ng Diyos ang mainit na hangit. Halos mahimatay si Jonas sa init. Sabi niya, *"Mainam pa ngang mamatay na lang ako kaysa mabuhay."*

Sinabi ng Diyos sa kanya, *"Tama bang magalit ka dahil sa nangyari sa halaman?"*

Sumagot siya, *"Oo, tama lang na magalit ako."*

Sinabi ng Diyos sa kanya, *“Nanghihinayang ka sa halamang iyon na tumubo sa loob lamang ng isang gabi at nalanta rin agad sa loob din ng isang gabi, kahit na hindi ikaw ang nagtanim o nagpatubo. Hindi ba ako manghihinayang sa malaking lungsod ng Nineve na may mahigit 120,000 tao na walang alam tungkol sa aking mga kautusan at may marami pang hayop?”*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang pagkakaiba ng kuwentong ito sa nakaraang kuwento?

2. Paano mo masasabing ang pagsunod ni Jonah ay hindi rin taos sa kanyang puso? Ano ang ipinapakitang kalagayan ng puso ni Jonah dito sa eksenang ito? Paano tayo nagiging katulad din niya?

3. Sa buong kuwento ng Jonah, paano mo makikita ang dakilang kapangyarihan ng Diyos na humatol? Ang dakilang kapangyarihan ng Diyos na magligtas? Ang laki ng awa at habag ng Diyos?


4. Paano natin masasabing higit na dakila si Jesus kaysa kay Jonas (**Mateo 12:41**)?

5. Bakit kaya parang bitin ng “ending” ng story ni Jonah? Ano ang gustong bigyan-diin dito ng sumulat tungkol sa pangunahing aral o emphasis na dapat nating matutunan?

6. Paano tayo magkakaroon ng pusong tulad ng Diyos at ng Panginoong Jesus sa pag-abot sa mga makasalanan? Sa ibang bansang di pa naaabot ng mabuting balita ni Cristo?

7. Anu-anong hakbang ang gagawin mo para makibahagi sa Great Commission?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Dakila ang kapangyarihan ng Diyos na humatol at magligtas.
- ✓ Malaki ang habag ng Diyos sa mga taong makasalanan, kaya't dapat nating tularan ang puso niya para sa ibang bansa.
- ✓ Higit na dakila si Cristo kaysa kay Jonah dahil sa pagsunod niya sa misyong ibinigay sa kanya ng Diyos.
- ✓ Kahit tayo na mga simple at ordinaryong Cristiano ay ginagamit ng Diyos na instrumento niya para tuparin ang Great Commission, kung meron tayong awa at habag na tulad ni Cristo sa mga makasalanan.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Jonah 3-4**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **2 Corinto 5:19**, "At ito nga ang aming ibinabalita: Pinapanumbalik ng Diyos ang mga tao sa kanya sa pamamagitan ni Cristo, at hindi na ibinibilang laban sa kanila ang kanilang mga kasalanan. At kami ang pinagkatiwalaan na magpahayag ng mensaheng ito" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Reaches Out with Great Compassion" sa bit.ly/25Jonah.

# Chapter 52 – Hosea

Story from **Hosea 1-3**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Habang nagpapatuloy sa Juda ang paghahari ng angkan ni David tulad nina Uzia, Jotam, Ahaz, at Hezekia, sa Israel naman ay naghahari si Jeroboam II na anak Joas. Laganap ang pagsamba kay Baal noong panahong ito. Kaya sa panahon ng paghahari niya at ng mga pumalit sa kanya, hanggang sa tuluyan nang masakop ng Assyria ang Israel, nagpadala ang Diyos ng isang propeta na ang pangalan ay Hosea. Sinabi ng Diyos kay Hosea, *"Mag-asawa ka ng isang babaeng imoral, at ang mga anak ninyo ay ituturing na mga anak ng taksil na babae. Ito ang magiging larawan ng kataksilan ng aking mga mamamayan dahil sa pagsamba nila sa mga Diyos-Diyosan."*

Kaya nagpakasal si Hosea kay Gomer. Di nagtagal, nabuntis siya at nanganak ng isang lalaki. Sabi ng Diyos kay Hosea, *"Pangalanan mo siyang Jezreel, dahil hindi na magtatagal at parurusahan ko ang hari ng Israel at wawakasan ko na ang buong kaharian niya dahil sa ginawa nilang kasalanan."*

Muling nabuntis si Gomer at nanganak ng isang babae. Sabi ng Diyos kay Hosea, *"Pangalanan mo siyang Lo-Ruhama, dahil hindi ko kaaawaan ni patatawarin ang Israel. Pero ang Juda kakaawaan ko."*

Nabuntis ulit si Gomer at nanganak ng isang lalaki. Sabi ng Diyos kay Hosea, *"Pangalanan mo siyang Lo-Ami dahil kayong mga Israelita ay hindi ko na mga mamamayan at ako ay hindi na ninyo Diyos. Pero darating ang araw na kakaawaan ko kayo at pagpapalain. Dadami kayo tulad ng mga buhangin sa tabing-dagat. Tatawagin kayong 'mga anak ng buhay na Diyos.' At ang Juda at Israel ay muling magkakasama at pipili sila ng isang pinuno. Napakasaya ng araw na iyon!"*

Hindi nagtagal matapos makasal sina Hosea at Gomer, nagtaksil si Gomer sa kanyang asawa at sumama sa ibang mga lalaki. Sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Hosea, *"Mga anak, sawayin ninyo ang taksil ninyong ina. Kung hindi huhubaran ko siya sa harap ng kanyang mga lalaki at pababayaang mamatay sa uhaw. Sinabi pa niyang hahabulin niya ang kanyang mga lalaking nagbigay sa kanya ng mga pagkain. Pero babakuran ko siya para hindi siya makalabas. Habulin man niya ang mga lalaki niya, hindi niya aabutan. Hanapin man niya sila, hindi niya makikita. At sasabihin niya, 'Babalik na lang ako sa asawa ko dati dahil mas mainam*

*pa ang kalagayan ko noon.' Liligawan ko siya ulit hanggang mapaibig ko siyang muli. At sasagutin niya ako tulad ng ginawa niya noong kinuha ko siya sa lupain ng Egipto."*

Sinabi pa ng Diyos sa mga Israelita, *"Sa araw na iyon ng inyong pagbabalik sa akin, tatawagin ninyo na akong 'Aking Asawa' at hindi na ninyo ako tatawaging 'Aking Baal.' Ituturing ko kayong asawa magpakailanman. Mamahalin ko kayo at kaaawaan. Tatawagin ko kayong mga mamamayan ko at sasabihin ninyo na ako ang inyong Diyos."*

Sabi ng Diyos kay Hosea, "*Mahalin mo ulit ang asawa mo kahit na nangalunya siya. Mahalin mo siya tulad ng pagmamahal ko sa mga Israelita."* Kaya kinuha ulit ni Hosea ang asawa niya sa pamamagitan ng pagbabayad ng 15 pirasong pilak at apat na sakong sebada at sinabi, *"Huwag ka nang sumiping sa iba."*

Ang ibig sabihin nito, mahabang panahong mawawalan ng hari ang Israel. Pero sa bandang huli, manunumbalik silang muli sa Diyos at sa angkan ni David na kanilang hari. Buong paggalang silang lalapit sa Diyos dahil sa kanyang kabutihan.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paano mo nakita ang pagkakatulad ng relasyon ni Hosea at Gomer sa relasyon ng Diyos at ng bansang Israel?

2. Anong larawan ang ginamit dito para ipakita ang kasalanan ng Israel? Ano ang ipinapahiwatig nito tungkol sa dapat na pananaw natin sa kasalanan natin sa Diyos?

3. Basahin ang **Hosea 4:1**. Anu-ano ang kasong isinampa sa kanila sa hukuman ng Diyos? Paano sila hindi nagtapat sa Diyos (**6:7**)? Paanong nasabi na wala silang pag-ibig sa Diyos (**6:4**)? Paano nasabing hindi nila kilala ang Diyos (**5:4**)? Maaaring iugnay ang mga sagot sa kuwento.

4. Basahin ang **Hosea 4:6; 7:13; 5:6; 8:7**. Ayon sa mga talatang ito, ano ang kahihinatnan ng pagtataksil nila sa Diyos? Ano ang nais sabihin sa atin dito ng Diyos tungkol sa kabayaran ng kasalanan? Maaaring iugnay ang mga sagot sa kuwento.

5. Basahin ang **Hosea 2:14; 6:1; 14:4; 2:16-17**. Paano masasabing ang mga talatang ito ay "Magandang Balita"?


6. Sa kabila ng laki ng kasalanan ng Israel, paano magkakaroon ng ganitong "Magandang Balita"? Basahin ang **Hosea 3:5** at **1:11**. Sino ang tinutukoy na katuparan nito?

7. Ayon sa kuwento at sa mensahe ni Hosea, paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus? Paano ka mas namangha sa ginawa niya para sa iyo?

8. Ano ngayon ang itinuro sa iyo ng Diyos tungkol sa kanya? Paano mo siya mas nakilala sa kuwentong ito?

9. Ano ang nais ng Diyos na maging tugon natin dito? Basahin ang **Hosea 2:7; 14:2; 6:6; 6:3**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Hindi tayo naging tapat sa Diyos. Pero nanatili siyang tapat at hindi kumupas ang pag-ibig niya sa atin, hindi magwawakas ang pag-ibig niya sa atin – dahil kay Cristo.
- ✓ Si Jesus ang inaasahang magliligtas sa Israel. Siya ang ating Tagapagligtas, at patunay ng walang kupas na pag-ibig ng Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- □ **Read.** Basahin ang **Hosea 1-3**.
- □ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Hosea 6:1, 3**, “Halikayo, tayo'y manumbalik kay Yahweh…Halikayo't kilalanin natin si Yahweh, sikapin nating siya'y makilala. Kasintiyak ng pagdating ng bukang-liwayway, darating siyang walang pagsala, tulad ng patak ng ulan sa panahon ng taglamig, tulad ng tubig-ulan na nagpapasibol sa mga halaman” (MBB).
- □ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Loves the Unfaithful Unfailingly” sa bit.ly/26Hosea.

# Chapter 53 – Fall of Israel

Story from **2 Kings 17**

## Panimulang usapan…




1. Ano ang hindi mo makakalimutan sa nakaraang kuwento? Paano mo ito naisabuhay nitong nakaraang linggo?

2. Anong mensahe ang gustong pinapakinggan ng mga tao: “Ang Diyos ay pag-ibig” o “Ang Diyos ay makatarungan”? Bakit kaya?

3. Basahin ang **1 Hari 14:15-16**, **Amos 4:1-3**, at **Hosea 7:11-13**. Paano ipinapakita sa mga talatang ito ang katarungan ng Diyos?

## Pakinggan mo ang kuwento…





Sa 20 haring namahala sa hilagang kaharian ng Israel simula nang ito ay mahati, wala ni isa man sa kanila ang naging matuwid sa harapan ng Diyos. Lahat ay gumawa ayon sa kasalanan ni Haring Jeroboam. Ang panghuling hari ng Israel ay si Hoshea, na naghari habang si Ahaz naman ang namamahala sa Judah. Sa panahon niya, nilusob ng hari ng Asiria ang buong Israel. Sa loob ng tatlong taon, pinaligiran niya ang Samaria (kapital ng Israel).

Sa ika-9 na taon ng paghahari ni Hoshea, inagaw ng hari ng Asiria ang Samaria at dinala ang mga taga-Israel sa Asiria bilang mga bihag. Nangyari ito dahil nagkasala sila kay Yahweh na kanilang Diyos na naglabas sa kanila sa Egipto. Sa kabila ng mga kabutihang ginawa ng Diyos, sumamba sila sa mga Diyos-Diyosan. Ginaya nila ang mga kasuklam-suklam na ginawa ng mga bansang pinaalis ng Diyos sa harapan ng mga Israelita pati ang mga ipinakitang pamumuhay ng mga hari nila. Ito ang ikinagalit ng Diyos.

Paulit-ulit na nagpadala ang Diyos ng mga propeta para sabihan silang itigil na ang kanilang kasalanan at magbalik-loob sa Diyos. Pero hindi sila nakinig. Matitigas ang ulo nila tulad ng mga ninuno nilang walang tiwala sa Diyos. Galit na galit ang Diyos sa Israel kaya pinalayas niya ang mga ito sa harapan niya. Ang lahi lang ni Juda ang natira sa lupain.

Pero kahit ang mga taga-Judah ay hindi rin sumunod sa mga utos ng Diyos. Ginawa rin nila kung ano ang mga ginawa ng mga Israelita. Kaya itinakwil ng Diyos ang lahat ng

mamamayan ng Israel. Ibinigay sila sa mga kaaway nila bilang parusa, hanggang sa sila'y mawasak.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ayon sa kuwento, paano mo nakita ang katarungan ng Diyos? Ano ang nais ipaalala sa atin ng Diyos tungkol dito?

2. Bakit dapat maging isang babala o warning sa Judah ang nangyari sa Israel? Basahin ang **Micah 3:11-12; 1:9**.

3. Ayon sa **Micah 6:8**, ano ang requirement ng Diyos para sa Judah? Sa panahon natin ngayon, paano maipapakita ang mga ito?

4. Ayon sa **6:6-7**, anong bahagi ng requirement na ito ng Diyos ang hindi nila nasunod? Sa panahon natin ngayon, paanong hindi rin tayo nakakasunod dito?

5. Ayon sa **3:1-3**, anong bahagi ng requirement na ito ng Diyos ang hindi nila nasunod? Sa panahon natin ngayon, paanong hindi rin tayo nakakasunod dito?


6. Ayon sa **6:9-11**, anong bahagi ng requirement na ito ng Diyos ang hindi nila nasunod? Sa panahon natin ngayon, paanong hindi rin tayo nakakasunod dito?

7. Kung lahat pala tayo ay bagsak din sa requirement ng Diyos (tingnan ang **Mateo 5:48**), nasaan ang pag-asa nating lahat na siyang pag-asa din ng Judah? Basahin ang **Micah 4:5-7; 7:18-20**.

8. Paano magbibigay ng pag-asa ang pangako ng Diyos sa **5:2-5**? Paano ito naging katuparan sa Panginoong Jesus (**Mateo 2:5-6**)? Paanong si Jesus ang solusyon sa napakalaking problema ng tao sa parusa ng makatarungang Diyos?

9. Paano mo mas nakilala ang Diyos sa pag-aaral na ito? Paano mo mas nakilala ang Panginoong Jesus at ang ginawa niya?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang Diyos ay makatarungan – pinaparusahan niya ang mga nagkakasala laban sa kanya.
- ✓ Ang trahedyang sinapit ng Israel ay parusa ng Diyos sa kanilang pagrerebelde sa kanya.
- ✓ Ang "requirement" ng Diyos ay taos-pusong pag-ibig sa kanya, pamumuhay na may kababaang-loob, at paggawa ng katarungan sa lipunan. Lahat ng tao ay bagsak sa "requirement" na ito ng Diyos.
- ✓ Ang solusyon sa problema ng tao sa parusa ng makatarungang Diyos ay nakasalalay sa kanyang pangako, sa kanyang ipinangakong Tagapagligtas.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

4. Bilang isang grupo, maaaring maglaan ng oras para magplano kung ano ang gagawin para makatulong sa pagpapairal ng hustisya sa lipunan natin (tulad ng pagtulong sa mga mahihirap, mga ulila, mga nakakulong, atbp.).

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Hari 17:1-20**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Micah 7:18-19**, “Wala nang ibang diyos na tulad mo, O Yahweh. Pinapatawad mo ang mga kasalanan ng mga nakaligtas sa bayan mong pinili. Hindi nananatili ang iyong galit magpakailanman. Sa halip ay ipinadarama mo sa kanila ang tapat mong pag-ibig. Muli mo kaming kaaawaan. Tatapakan mo ang aming mga kasalanan at ihahagis sa kalaliman ng dagat” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Requires a People of Justice” sa bit.ly/27Micah.

# Chapter 54 – Isaiah and the Messiah

Story from **Isaiah 6, 9, 53**

### Pakinggan mo ang kuwento…






Kahit na naunang winasak at sinakop ng mga dayuhang Assyria ang Israel, ang natitirang kaharian ng Judah ay hindi pa rin ligtas sa darating na paghatol ng Diyos. Ipinadala ng Diyos si propeta Isaiah para sabihin ang kanyang mensahe sa Judah sa mga panahong ang mga naghari sa Judah ay sina Uzziah, Jotham, Ahaz, at Hezekiah.

Sinabi ni Isaiah sa mga taga-Judah, *“Bansang makasalanan, mga taong puno ng kasamaan, mga anak ng masasamang tao, mga anak ng katiwalian! Itinakwil ninyo si Yahweh, nilait ang Banal na Diyos ng Israel at pagkatapos ay tinalikuran ninyo siya.”*

Ganito ikinuwento ni Isaiah kung paano siya tinawag ng Panginoon:

*“Noong taon na mamatay si Haring Uzziah, nakita ko si Yahweh na nakaupo sa isang napakataas na trono. Ang laylayan ng kanyang kasuotan ay nakalatag sa buong Templo. May mga anghel na tinatawag na mga seraphim sa kanyang ulunan, at ang bawat isa'y may anim na pakpak: dalawa ang nakatakip sa mukha, dalawa sa mga paa, at dalawa ang ginagamit sa paglipad. Sinasabi nila sa isa't isa ang ganito:*

*“‘Banal, banal, banal si Yahweh na Makapangyarihan sa lahat! Ang buong daigdig ay puspos ng kanyang kaluwalhatian.’*

*“Sa lakas ng kanilang tinig ay nayanig ang mga pundasyon ng Templo at ang loob nito'y napuno ng usok. Sinabi ko, ‘Kawawa ako sapagkat ako ay isang makasalanan at mula sa isang lahing makasalanan. Mapapahamak ako sapagkat nakita ko ang Hari, si Yahweh, ang Makapangyarihan sa lahat!’*

*“Pagkatapos, may isang seraping sumipit ng baga mula sa altar, at lumipad patungo sa akin. Idinampi niya ang baga sa aking mga labi, at sinabi: ‘Ngayong naidampi na ito sa iyong mga labi, pinatawad ka na at nilinis na ang iyong mga kasalanan.’*

*“At narinig ko ang tinig ni Yahweh na nagsasabi, ‘Sino ang aking ipadadala? Sino ang magpapahayag para sa atin?’ Sumagot ako, ‘Narito po ako; ako ang inyong isugo!’”*

Sinabi pa ng Diyos kay Isaiah, “Hindi makikinig sa ‘yo ang mga tao. Hindi nila ito mauunawaan, hanggang mawasak na ang Jerusalem at wala nang matirang mga tao.”

May mga pangakong hatid din ang Diyos para sa Judah. Sinabi ni Isaiah sa kanila na darating ang isang Tagapagligtas, ang Messiah:

"Ipapanganak ang isang batang lalaki na maghahari sa amin. Tatawagin siyang, 'Kahanga-hangang Tagapayo, Makapangyarihang Diyos, Walang Hanggang Ama, at Prinsipe ng Kapayapaan.' Hindi magwawakas ang pag-unlad ng kanyang pamamahala, at maghahari ang kapayapaan. Siya ang magmamana ng kaharian ni David. Patatatagin niya ito at paghahariang may katarungan at katuwiran magpakailanman. Sisiguraduhin ng Panginoong Makapangyarihan na matutupad ito."

Ganito pa ang sinabi niya na daranasin ng Lingkod ng Diyos na darating:

*"Ang totoo, tiniis niya ang mga sakit at mga kalungkutang dapat sana'y tayo ang dumanas. Ang akala natin ay pinarusahan siya ng Diyos dahil sa kanyang mga kasalanan. Ang totoo, sinugatan siya dahil sa ating mga pagsuway; binugbog siya dahil sa ating kasamaan. Ang parusang tiniis niya ang naglagay sa atin sa magandang kalagayan. At dahil sa mga sugat niya ay gumaling tayo. Tayong lahat ay parang mga tupang naligaw. Bawat isa sa atin ay gumawa ng nais nating gawin. Pero siya ang pinarusahan ng Panginoon ng parusang dapat sana ay para sa ating lahat.*

*"Pero kalooban ng Panginoon na saktan siya at pahirapan. Kahit na ginawa siyang handog ng Panginoon para mabayaran ang kasalanan ng mga tao, makikita niya ang kanyang mga lahi at tatanggap siya ng mahabang buhay. At sa pamamagitan niya ay matutupad ang kalooban ng Panginoon."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Meron bang pinagkaiba ang Judah sa Israel, kung kasalanan rin lang ang pag-uusapan? Ano ang sinabi ni Isaiah tungkol sa laki ng kasalanan nila sa Diyos?

2. Bakit kaya marami pa ring tao ngayon ang hirap na aminin at kilalanin ang bigat ng pagtataksil nila sa Diyos?

3. Ano ang nakita ni Isaiah tungkol sa Diyos? Ano ang ibig sabihin ng kanyang kabanalan?

4. Paanong itong "vision" ng kabanalan ng Diyos ay nakaapekto kay Isaiah sa tamang pagkilala niya sa sarili niya?

5. Ano ang nararapat para kay Isaiah, sa Judah at sa lahat sa ating mga makasalanan? Sa kabila noon, ano ang ipinaranas ng Diyos kay Isaiah?

6. Paanong ang pagpapatawad ng Diyos kay Isaiah ay nagbibigay ng pag-asa at kaaliwan sa mga taga-Judah na nakaabang din sa pagpaparusa ng Diyos?


7. Paanong ang biyaya at awa ng Panginoon ay nag-udyok kay Isaiah na sumunod sa misyon ng Diyos? Ano dapat ang pangunahing motivation natin sa pagsunod sa pagkakatawag sa atin ng Diyos?

8. Anong pattern sa pagkakatawag kay Isaiah ang parehas din sa pattern ng pagkakatawag ng Diyos sa ating mga Cristiano? Ikonekta ito ngayon sa ilang mga dahilan kung bakit maraming mga Cristiano ang hindi tapat sa misyong ibinigay sa atin ni Cristo.

9. Anu-ano ang sinasabi ni Isaiah tungkol sa darating na Messiah (pwedeng tingnan ang **Isa. 7:14; 9:6-7; 53:4-6, 10-11**). Paano ito natupad sa pagdating ni Cristo?

10. Paano mo mas nakilala si Jesus sa pamamagitan ng kuwento at mensahe ni Isaiah? Paano mas lumalim ang pagkamangha mo sa pagliligtas na ginawa ng Diyos para sa 'yo?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Ang mga kasalanan natin ay pagtataksil sa Diyos na palaging tapat at mabuti sa atin. Nararapat lamang tayong parusahan nang mabigat dahil sa bigat din ng mga kasalanan natin laban sa kanya.

- ✓ Mas mauunawaan at matatanggap natin ang kalagayan ng puso nating makasalanan at ang katotohanang nasa ilalim tayo ng parusa ng Diyos kung makikita natin nang malinaw ang perpektong kabanalan ng Diyos.
- ✓ Sa kabila nito, pinatawad tayo at nilinis ng Diyos sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ni Jesus na siyang Haring Tagapagligtas na siyang nagbayad ng kasalanan natin at umako sa parusang dapat sana ay sa atin. Tinatawag itong *substitutionary atonement*.
- ✓ Dahil sa pagkamangha natin sa pagliligtas sa atin ng Diyos, ito ang magtutulak sa atin para sumunod sa kalooban niya at ibahagi ang mensaheng ito (the gospel) sa ibang tao. Pwedeng basahin ang **2 Cor. 5:20-21**.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Isaiah chapters 6 and 53**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Isaiah 53:6**, “Tayong lahat ay parang mga tupang naligaw. Bawat isa sa atin ay gumawa ng nais nating gawin. Pero siya ang pinarusahan ng Panginoon ng parusang dapat sana ay para sa ating lahat” (ASD).

# Chapter 55 – Isaiah and Hezekiah

Story from **Isaiah 36-37**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Sa panahong si Hezekiah ang hari ng Judah, nilusob at nasakop ng Assyria ang Judah. Pinadala ng hari ng Assyria na si Senacherib ang kanyang kumander sa mga opisyal ni Hezekiah sa Jerusalem para pasukuin ito.

Ganito ang mensaheng dala ng hari ng Assyria para kay Hezekiah, *"Ano ba ang ipinagmamalaki mo? Ang abilidad at lakas ng mga sundalo mo? O ang Egipto na wala namang magagawa sa kapangyarihan ko? Kahit 2,000 libong kabayo at sundalo kaya kong ibigay para sa inyo. O baka sabihin n'yong kay Yahweh na inyong Diyos kayo umaasa? Siya nga ang nag-utos sa akin na salakayin kayo at wasakin."*

Pagkatapos, sumigaw ang kumander ng Assyria at sinabi sa harap ng maraming tao, *"Magugutom at mauuhaw kayong lahat kapag nilusob namin kayo. Huwag kayong magpaloko kay Hezekiah. Hindi niya kayo kayang iligtas! Huwag kayong maniwala kapag sinabi niyang magtiwala kayo kay Yahweh na magliligtas sa inyo. Bakit, meron bang nagawa ang mga Diyos ng ibang mga bansa para iligtas sila mula sa kamay ng hari ng Assyria? Paano namang ililigtas ni Yahweh ang Jerusalem mula sa aking mga kamay?*

Tulad ng bilin ni Hezekiah sa mga tao, hindi sila sumagot. Bumalik sila kay Hezekiah at ipinaalam ang lahat ng sinabi ng kumander ng Assyria.

Pagkarinig ni Hezekiah sa balita, pinunit niya ang damit niya, nagdamit panluksa, at pumunta sa templo para manalangin. Ipinadala din niya kay propeta Isaiah ang mga opisyal niya para sabihing, *"Ito ang panahon ng paghihirap, pagtutuwid at kahihiyan. Kinutya ng Assyria ang Diyos na buhay. Baka sakaling marinig ito ni Yahweh at parusahan niya nawa ang mga nagsabi nito. Ipanalangin mo rin ang mga natira sa atin."*

Ito naman ang ipinasabi ni Isaiah sa hari na mensaheng galing sa Diyos, *"Huwag kang matakot sa narinig mong paglapastangan sa akin. Pakinggan mo! Pupuspusin ko ng espiritu ang hari ng Assyria. Makakarinig siya ng balita na magpapabalik sa kanya sa sarili niyang bansa. At doon ko siya ipapapatay sa pamamagitan ng espada."*

Di nagtagal, muling nagpadala ng sulat ang hari ng Assyria kay Hezekiah, at sinabi niya, *"Huwag kang magpaloko sa inaasahan mong Diyos na siya ang magliligtas sa inyo. Alam mo*

*naman ang ginawa ko sa ibang mga bansa. Meron bang Diyos na nagligtas sa kanila? Kaya ka bang iligtas ng Diyos mo?"*

Pagkatanggap ni Hezekiah ng sulat, pumunta siya sa templo, nilapag ito at nanalangin, *"O Yahweh, ang Diyos ng Israel, ang Hari ng langit at ng lahat ng kaharian sa mundo. Kayo ang maylikha ng lahat. Pakinggan n'yo po ako. Pakinggan n'yo ang mga lumapastangan sa pangalan n'yo. Totoong nilipol nila ang ibang mga bansa dahil di naman totoong Diyos ang mga Diyos nila. Kaya ngayon, iligtas n'yo kami para malaman ng lahat ng kaharian dito sa mundo na kayo lang, Yahweh, ang tunay na Diyos."*

Sumagot ang Diyos sa panalangin niya at ipinasabi ng Diyos sa pamamagitan ni Isaiah ang pangako niyang ililigtas ang Judah, *"Titiyakin ni Yahweh na makapangyarihan sa lahat na mangyayari ito. Hindi makakapasok ang hari ng Assyria sa Jerusalem. Iingatan at ililigtas ko ang lungsod na ito para sa karangalan ko at dahil sa pangako ko kay David na aking lingkod."*

Pumunta ang anghel ng Panginoon sa kampo ng Assyria at pinatay niya ang 185,000 kawal. Kinaumagahan, paggising ng mga natitirang buhay, nakita nila ang napakaraming bangkay. Dahil dito, umuwi ang hari ng Assyria sa Nineve at doon na tumira. Isang araw, habang sumasamba si Senakerib sa templo ng Diyos niyang si Nisroc, pinatay siya ng kanyang dalawang anak na lalaki sa pamamagitan ng espada.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa panahong nahihirapan at natatakot tayo, saan o kanino tayo karaniwang umaasa o humihingi ng tulong?

2. Ano ang kahirapang dinaranas ng Judah sa kuwentong ito? Ano ang tuksong kinahaharap nila kung saan o kanino sila aasa at hihingi ng tulong sa kalagayan nila?

3. Paano tumugon si Haring Hezekiah dito? Maganda ba ang naging tugon niya? Ano ang matututunan natin sa halimbawa niya?

4. Ano ang kahilingan ni Hezekiah sa panalangin niya? Ano ang motibo niya dito? Tingnan ang **Isaiah 37:20**.

5. Ano ang kaibahan ng panalangin niya sa karaniwang panalangin natin araw-araw?

6. Paano tayo tinuturuan ng Panginoong Jesus na malanangin na nangingibabaw ang layunin para sa karangalan ng Diyos? Tingnan ang **Matthew 6:9-10**.


7. Ano ang tugon ng Diyos sa panalangin ni Hezekiah? Ano ang pangako niya?

8. Saan nakasalalay ang katiyakan na tutuparin ng Diyos ang sinabi niya? Tingnan ang **Isaiah 37:32, 35**. Ano ang matututunan mo dito tungkol sa nais at layunin ng Diyos para sa atin?

9. Paano tinupad ng Diyos ang pangako niya? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos na kinakausap natin sa panalangin at tungkol sa pananampalatayang dapat ay meron tayo sa tuwing humihiling sa kanya?

10. Paanong nakakabit ang kumpiyansa natin sa panalangin sa ginawa ni Jesus para sa atin at sa pakikipag-isa natin sa kanya, at paanong dapat natin itong laging tandaan sa tuwing sinasabi natin sa panalangin, "...sa pangalan ni Jesus, Amen."? Pwedeng tingnan ang **2 Cor. 1:20-21**; **Rom. 8:26, 31**; **John 14:13-14**; **1 John 5:14-15**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating...



- ✓ Sa panahon ng kahirapan, kagipitan o kaguluhan, wala na tayong ibang maaasahan maliban sa Diyos at sa tibay ng kanyang mga pangako sa atin.
- ✓ Naipapahayag natin ang pagtitiwalang ito sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapakumbaba sa panalangin, pagdaing ng mga kahilingan natin, paghawak sa mga pangako niya, na may layuning para sa karangalan niya.
- ✓ Makakatiyak tayo sa pangako ng Diyos na sasagot siya sa mga dalangin natin at ibibigay ang tulong na kailangan natin, hindi man ayon sa expectations natin (at higit pa nga!), dahil sa ginawa ni Jesus sa krus para sa atin at sa pakikipag-isa natin sa

kanya. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi natin sa dulo ng panalangin natin, "...sa pangalan ni Jesus, Amen."

- ✓ "Purihin natin ang Diyos na makakagawa ng higit pa sa hinihingi o inaasahan natin sa pamamagitan ng kapangyarihan niyang kumikilos sa atin. Purihin natin siya magpakailanman dahil sa mga ginawa niya para sa iglesya na nakay Cristo Jesus. Amen" (**Eph. 3:20-21** ASD).

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo...

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral...

- ☐ **Read.** Basahin ang **Isaiah chapters 36 and 37**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Psalm 20:7-8**, "May mga umaasa sa kanilang mga kabayo at karwaheng pandigma, ngunit kami ay umaasa sa Panginoon naming Diyos. Sila'y manghihina at tuluyang babagsak, ngunit kami ay magiging matatag at magtatagumpay" (ASD).

# Chapter 56 – Manasseh and Zephaniah

Story from **2 Kings 21**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos ng magandang kalagayan ng Judah sa panahon ng paghahari ni Hezekiah, pumalit sa kanya ang anak niyang si Manasseh. At sa loob ng 55 taong paghahari niya, puro kasamaan ang namayani sa kanilang bansa.

Masama ang ginawa niya sa paningin ng Dios, tulad ng mga karumal-dumal na ginagawa ng ibang mga bansang nakita na nilang pinarusahan ng Dios. Pinatayo niya ulit ang mga altar para sa mga dios-diosang sina Baal at Asherah, mga altar na giniba na sa panahon ng kanyang ama. Si Manasseh ang namuno sa Judah para ang buong bayan ay gumawa ng kasamaang malala pa sa mga bansang nakita na nilang winasak ng Dios.

Kaya sinabi ng Dios sa kanila sa pamamagitan ng mga propeta: *"Dahil diyan, paparusahan ko nang matindi ang Juda at ang Jerusalem. Mababalitaan ito ng mga iba at sila'y kikilabutan. Paparusahan ko ang Jerusalem tulad ng ginawa ko sa Samaria at sa sambahayan ni Ahab. Aalisin ko ang mga tao sa Jerusalem tulad ng paglilinis sa pinggan. Pupunasan ko ito at pagkatapos ay itataob. Itatakwil ko ang matitirang buhay sa kanila at ipapasakop sa kanilang mga kaaway. Gagawin ko ito dahil sa kanilang kasamaan mula pa nang iligtas ko ang kanilang mga ninuno sa kamay ng mga Egipcio."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Isalarawan ang nangyayari sa Judah sa panahon ni Haring Manasseh. Bakit hindi ito maganda?

2. Ano ang mensahe ng mga propetang ipinapadala ng Dios sa kanila? Bakit tama lang na ganito ang gawin ng Dios sa kanila?

3. Ano sa tingin mo ang mararamdaman nila kapag narinig nila ito?

4. Basahin ang **Zephaniah 1:1** (puwede ring tingnan ang **1:2-3, 10; 3:6, 20**). Bakit dapat pakinggan ang mga sasabihin ni Zephaniah?

5. Halos 24 na beses binanggit sa aklat na ito ang tungkol sa “Day of the Lord” o “Araw ni Yahweh.” Bakit sa tingin mo isa ito sa binibigyang-diin ng propeta?

6. Basahin ang **1:2-7, 14-18**. Bakit “bad news” para sa mga taga-Judah ang “Day of the Lord”?


7. Basahin ang **1:10-12**. Ano ang layunin ng Dios sa pagsasalarawan ng ganito sa “Day of the Lord”? Ano ang gusto niyang maging tugon ng mga tao?

8. Basahin ang **3:9-10, 14, 17-20**. Bukod sa “bad news” paano masasabing “good news” ang “Day of the Lord”?

9. Basahin ang **2:3; 3:12, 15-16**. Ano ang layunin ng Dios sa pagbabalita na ang “Day of the Lord” ay hindi lang “bad news” kundi “good news” din? Ano ang gusto niyang tugon ng mga tao dito?

10. Paanong ang “good news” na ‘to ay nagkaroon ng katuparan sa pagdating ng Panginoong Jesus? Ano naman ang dapat nating maging tugon dito?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang mensahe ng mga propeta ay “bad news” at “good news,” depende sa magiging tugon ng tao dito.
- ✓ Walang makapipigil sa pagdating ng araw ng pagpaparusa ng Dios. Kasunod naman nito ang araw ng pagpapala ng Dios sa mga nagtitiwala sa kanya.
- ✓ Ang “Day of the Lord” o “Araw ni Yahweh” ay tumutukoy unang-una sa araw na itinakda ng Dios para magparusa, pero kasunod nito ang araw ng pagpapala niya.
- ✓ Ang “Araw ni Yahweh” ay malapit nang dumating kaya’t dapat itong abangan at paghandaan.

- ✓ Ang “Araw ni Yahweh” ay araw din ng Panginoong Jesus.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?


## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Kings 21**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Zephaniah 3:17-18**, “Nasa piling mo si Yahweh na iyong Diyos, at ang kanyang kapangyarihan ang magbibigay sa iyo ng tagumpay. Siya ay magagalak sa iyo at ang pag-ibig niya ang magbibigay sa iyo ng bagong buhay. Masaya siyang aawit sa laki ng kagalakan, gaya ng nagdiriwang sa isang kapistahan. Ililigtas kita sa iyong kapahamakan, upang huwag mo nang maranasan ang kahihiyan” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “The Day of the Lord is Coming” sa bit.ly/29Zephaniah.

# Chapter 57 – Josiah and Zephaniah

Story from **2 Kings 22-23**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Nang ang apo na ni Manasseh na si Josiah ang hari ng Judah, natagpuan ang isang kopya ng Kautusan na ibinigay ng Dios kay Moises noon. Nang basahin ito sa kanya, pinunit niya ang kanyang damit at sinabi, *"Malaki ang galit ng Dios laban sa atin, dahil hindi sumunod ang ating mga ninuno sa mga utos ng Dios."*

Ipinasabi ng Dios sa kanya sa pamamagitan ng mga propeta, *"Dahil nang marinig mo ang mga salitang ito at nagpakumbaba ka sa harap ng Dios, at nang marinig mo ang mga sumpa at parusang darating galing sa Dios at umiyak ka sa pagsisisi, pinakinggan kita. Kaya mamamatay kang mapayapa at hindi mo masasaksihan ang mga kakila-kilabot na gagawin ko laban sa bansang ito."*

Pagkatapos nito, pumunta ang hari sa templo kasama ang mga taga-Judah. Binasa niya sa kanila ang nakasulat sa aklat ng Kautusan. Pagkatapos noon, ang mga tao at ang hari ay gumawa ng isang tipan sa Dios na mamumuhay ayon sa kalooban ng Dios at buong pusong susunod sa kanyang mga utos. Sinira nila ang mga dios-diosan nila. Ipinagdiwang din nila ang Araw ng Paglampas ng Anghel (Passover), na kinalimutan nang gawin ng Israel sa loob ng ilang daang taon simula sa panahon ng mga hukom.

Sa kabila nito, hindi pa rin nawala ang nag-aapoy na galit ng Dios laban sa Judah dahil sa mga ginawa ni Manasseh. At sinabi ng Dios, *"Palalayasin ko ang Judah sa aking harapan tulad ng ginawa ko sa Israel."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Isa sa mga propetang ginamit ng Dios sa panahon ni Josiah ay si Zephaniah. Batay sa kuwento, paano tumugon ang mga tao sa salita ng Dios? Ano ang kaibahan nito sa panahon ni Manasseh?

2. Paano mo isasalarawan ang nangyaring pagbabago sa Judah? Totoo kaya ito? Karamihan kaya ng tao ay nagsisi at nagbalik-loob sa Dios? Ibatay ang sagot sa naging tugon ng Dios sa dulo ng kuwento.

3. Bakit sa tingin mo hindi na mapipigil ang parusa ng Dios? Ano ang kinalaman ng mensahe ng **Zephaniah 3:8** tungkol dito?


4. Ano ang naaalala n'yo sa Pista ng Paglampas ng Anghel o Passover? Paanong ito ay pagbabalik-tanaw at pag-abang din sa mga bagay na darating?

5. Ano ang kinalaman dito ng pagdating ng Panginoong Jesus at ng muli niyang pagbabalik? Paano masasabing ito rin ay "Day of the Lord"?

6. Ano ang nararamdaman mo kapag pinag-uusapan ang tungkol sa pagdating ng Panginoong Jesus? Takot ba o pananabik? Bakit? Ano ang nais ng Dios na magbago sa damdamin mo ngayon?

7. Sino sa tingin mo ang kailangang makarinig ng mensaheng ito? Paano at kailan mo ibabahagi sa kanya ang tungkol dito? Maghandang ibahagi sa susunod na pagtitipon kung ano ang nangyari.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang mensahe ng mga propeta ay "bad news" at "good news," depende sa magiging tugon ng tao dito.
- ✓ Hindi mababago ang hatol ng Dios. Na walang makaliligtas sa parusa ng Dios maliban na lang kung ang Dios ang magliligtas.
- ✓ Ang "Day of the Lord" o "Araw ni Yahweh" ay tumutukoy unang-una sa araw na itinakda ng Dios para magparusa, pero kasunod nito ang araw ng pagpapala niya.

- ✓ Ang “Araw ni Yahweh” ay malapit nang dumating kaya’t dapat itong abangan at paghandaan.
- ✓ Ang “Araw ni Yahweh” ay araw din ng Panginoong Jesus. Dumating na ang Panginoong Jesus at siya ang ating kaligtasan. At darating siyang muli para lubusin ang pagliligtas ng Dios sa atin.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **2 Kings 22-23**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Zephaniah 3:17-18**, “Nasa piling mo si Yahweh na iyong Diyos, at ang kanyang kapangyarihan ang magbibigay sa iyo ng tagumpay. Siya ay magagalak sa iyo at ang pag-ibig niya ang magbibigay sa iyo ng bagong buhay. Masaya siyang aawit sa laki ng kagalakan, gaya ng nagdiriwang sa isang kapistahan. Ililigtas kita sa iyong kapahamakan, upang huwag mo nang maranasan ang kahihiyan” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “The Day of the Lord is Coming” sa bit.ly/29Zephaniah.

# Chapter 58 – Habakkuk

## Saang bahagi na ito ng kuwento?



Si Habakkuk ay isang propeta sa na ipinadala ng Dios sa Judah, ilang taon bago tuluyang sakupin ng Babylonia ang Judah. Kung matatandaan ninyo, sa panahong ito, nahati na ang kaharian ng Israel. Ang hilaga - tinawag na Israel - dahil sa lahat ng hari nila ay wala ni isa man ang gumawa ng mabuti sa paningin ng Dios (0 out of 20!), pinarusahan sila ng Dios. 722 BC nang sakupin sila ng Assyria at ipatapon kung saan-saan. Judah - ang timog na kaharian - na lang ang natira. Bagamat mas mainam sila nang kaunti (8 out of 20 kings ang naging mabuti sa paningin ng Dios), tulad din sila ng Israel na paparusahan ng Dios. Last week nakita natin na nagkaroon ng reformation sa panahon ni Josiah. Pero pagkamatay niya, balik na naman sa dati. Di na mapipigilan ang hatol ng Dios. Laganap na ang karahasan at kasamaan sa bansang Judah.

Medyo iba ang pagkakasulat ng Habakkuk, di tulad ng ibang mga aklat ng propeta na diretsang kinakausap ang tao ng mensaheng galing sa Dios. Dito, mababasa natin ang pag-uusap nila ng Dios, may kuwentong nakapaloob, parang sa aklat ng Jonah. Pero mensahe pa rin sa mga taga-Judah, kasi nararamdaman ni Habakkuk ang nararamdaman din ng maraming tao noon.

## Pag-usapan…



1. Basahin ang **Habakkuk 1:2**. Ano ang sinasabi niya dito sa Dios? Ano ang nararamdaman niyang kabigatan?

2. Basahin ang **1:3-4**. Ano ang sinabi niyang dahilan sa Dios bakit ganito ang nararamdaman niya?

3. Basahin ang **1:5-6**. Paano siya sinagot ng Dios? Ano ang ipinapaunawa ng Dios kay Habakkuk dito? Ano ang matutunan natin dito tungkol sa Dios?

4. Ano ang nais ng Dios na gawin natin sa mga panahong parang sa tingin nati'y wala siyang ginagawa?

5. Basahin ang **1:6-11**. Nang sabihin ito ng Dios na Babylonia ang sagot niya sa panalangin ni Habakkuk, ano sa tingin mo ang magiging reaksiyon ni Habakkuk dito? Positibo ba o negatibo? Bakit (batay sa pagsasalarawan ng Babylonia)?

6. Basahin ang **1:12-13**. Ano nga ang naging reaksiyon dito ni Habakkuk? Ano ang gusto niyang sabihin sa Dios?

7. Basahin ang **2:6, 9, 12, 15, 19**. Anong mga salita ang paulit-ulit na ginamit dito patungkol sa gagawin ng Dios sa Babylonia? Ano ang ipinapahiwatig nito sa gagawin ng Dios? Paano ito isang sagot ng Dios sa reklamo o daing ni Habakkuk na parang hindi tama ang ginagawa ng Dios?

8. Basahin ang **2:4**. Ginamit din ito sa **Rom. 1:17, Gal. 3:11, Heb. 10:38**. Ano ang sinabi ng Dios na gagawin niya dito at para kanino? Paano ito magbibigay ng pag-asa sa daing ni Habakkuk sa Dios?

9. Basahin ang **2:13-14**. Ano ang nais na mangyari ng Dios? Paano ito magbibigay pag-asa sa daing ni Habakkuk sa Dios? Natupad na ba ito ngayon? Bakit hindi pa?

10. Anu-ano ang natutunan mo dito tungkol sa Dios?

11. Ano ang pagkakahalintulad ng nararamdaman ni Habakkuk sa nangyari sa Panginoong Jesus nang siya ay ipako sa krus at mamatay para sa ating mga kasalanan? Ano naman din ang nakita natin doong ginagawa ng Dios?


12. Basahin ang **2:3**. Ano ang gusto ng Dios na maging tugon ni Habakkuk sa sinabi niyang daing sa Dios? Ano naman ang naging tugon niya (tingnan ang **3:2, 13, 16**)?

13. Basahin ang **2:4**. Ano ang gusto ng Dios na maging tugon ni Habakkuk sa sinabi niyang daing sa Dios? Ano naman ang naging tugon niya (tingnan ang **3:17-19**)?

14. Anumang kabigatan ay mapapalitan ng kagalakan kung maghihintay at magtitiwala sa Panginoon. Naniniwala ka ba dito? Paano mo ito naranasan sa buhay mo? Anong kabigatan sa buhay mo ngayon ang kinakausap ka ng Dios para muling isabuhay ang katotohanang ito?

15. Ayon sa natutunan mo ngayon, sino sa tingin mo ang taong kailangang marinig ito sa mga susunod na araw? Paano mo ito sasabihin sa kanya at kailan? Maghandang ibahagi sa grupo sa susunod na pagtitipon kung ano ang nangyari.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Kahit sa panahong akala natin ay hindi gumagawa ang Dios, ang totoo ay hindi tumitigil ang Dios sa paggawa o pagkilos sa paligid natin, sa buhay natin, at sa puso natin.
- ✓ Kahit sa panahong akala nating hindi tama ang nangyayari o ginagawa ng Dios, ang totoo ay tama lahat ng ginagawa niya.
- ✓ May gagawin ang Dios laban sa mga di nagtitiwala sa kanya (paghatol), para sa mga nagtitiwala sa kanya (pagliligtas/pagpapala) – at ito ay para sa buong mundo.
- ✓ Makikita ng malinaw ang katotohanang ito nang "pabayaan" ng Dios si Jesus na mamatay – sa panahong iyon gumagawa ang Dios at tama ang ginagawa niya para hatulan ang kasalanan at iligtas ang mga magtitiwala sa kanya.
- ✓ Anumang kabigatan ay mapapalitan ng kagalakan kung maghihintay at magtitiwala sa Panginoon.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Habakkuk 1-3**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Habakkuk 3:17-19**, "Bagama't di namumunga ang puno ng igos, at hindi rin namumunga ang mga ubas, kahit na maantala ang pamumunga ng olibo at walang anihin sa mga bukirin, kahit na mamatay lahat ang mga tupa at mawala ang mga baka sa kulungan, magagalak pa rin ako at magsasaya, dahil si Yahweh ang Diyos na magliligtas sa akin. Ang Panginoong Yahweh ang sa aki'y nagpapalakas. Tulad ng usa, tiyak ang aking mga hakbang, inaalalayan niya ako sa mga kabundukan" (MBB).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God is at Work 24/7” sa http://bit.ly/30Habakkuk.

# Chapter 59 – Jeremiah

## Panimula



Anong isang malinaw na utos o nais ng Dios na ipagawa sa iyo na nahirapan ka at sumuko ka o muntik ka nang sumuko? Bakit?

## Si Jeremias sa panahon nina Haring Josiah, Jehoahaz, at Jehoiakim



(**2 Kings 23:28-24:7**) Sa panahon ni Josiah nabalik ang magandang pagsamba sa templo. Pero napatay siya sa pakikipaglaban sa Egipto. Pumalit si Jehoahaz na anak niya ngunit 3 buwan lang itong naghari dahil binihag siya ng hari ng Egipto, dinala sa Egipto at doon na namatay. Inilagay ng hari ng Egipto na hari ng Juda ang isa pang anak ni Josiah na si Jehoiakim. Sa panahong ito, napabagsak na ng Babilonia ang Assyria at Egipto. Kaya napasailalim si Jehoiakim kay Nebuchadnezzar, hari ng Babilonia. Pero nagrebelde siya rito kaya sa ika-4 na taon ng paghahari niya, sinalakay ng Babilonia ang Jerusalem at ang iba ay dinalang bihag sa Babilonia (605 BC).

## Pag-usapan…



1. Basahin ang **Jeremias 1:5-10**. Bakit sa tingin mo mahirap ang ipinapagawa ng Dios kay Jeremias? Anu-ano naman ang mga pangakong dapat nating panghawakan dito tulad ni Jeremias?

2. Basahin ang **7:25-27; 11:19, 21; 18:18, 20**. Anong hirap ang hinarap ni Jeremias sa kanyang pagsunod sa Dios?

3. Basahin ang **8:18** at **9:1**. Isalarawan ang karanasan ni Jeremias? Bakit kaya ganito?

4. Ano ang itinuturo ng Dios sa atin dito tungkol sa pagsunod sa kanyang kalooban at misyon kahit na mahirap ang kalagayan o sitwasyon?

## Si Jeremias sa panahon nina Haring Jehoiachin at Zedekiah



(**2 Kings 24:8-20**) Pagkamatay ni Haring Jehoiakim, pumalit sa kanya ang kanyang anak na si Jehoiachin. Tatlong buwan pa lang siyang namumuno, sumalakay na naman (pangalawang pagsalakay na 'to!) ang mga sundalo ng Babilonia sa Jerusalem (597 BC). Pati si Nebuchadnezzar ay pumunta sa Jerusalem, ginawang bihag si Jehoiachin at ang pamilya niya, kinuha ang mga kayamanan sa templo, dinala ang 10,000 bihag papuntang Babilonia, at iniwan lang ang mga mahihirap sa Jerusalem. Inilagay niya na hari ng Judah ang tito ni Jehoiachin, na si Zedekiah, isa din sa mga anak ni Josiah. Nangyari ang lahat ng ito ayon sa sinabi ng Dios sa pamamagitan ng mga propeta.

## Pag-usapan…



Basahin ang **Jeremias 37:14-16** at **38:6**. Isalarawan ang naging hirap ni Jeremias? Ano ang nakita nating magandang ipinakita niya sa kabila ng hirap na ito?

## Si Jeremias sa panahon ng pagbagsak ng Jerusalem



(**2 Kings 25**) Labing-isang taong naghari si Zedekiah sa Judah. Pero siya rin nagrebelde rin sa Babilonia. Kaya sa pangatlong pagkakataon, sinalakay ulit ng Babilonia ang Jerusalem (586 BC). Dahil dito, nagkaroon ng taggutom sa lupain nila. Wala na silang makain. Tatakas sana si Haring Zedekiah pero nahuli siya. Pinatay nila ang mga anak niya sa harapan niya, dinukit ang mga mata niya at iginapos siya at dinala sa Babilonia. Sinunog nila ang templo, ang palasyo ng hari, at lahat ng mga bahay sa Jerusalem ay naging abo na lang. Lahat ng mga taga-Judah ay dinala bilang bihag sa Babilonia, maliban na lang sa pinaka-mahihirap para sila ang mangalaga sa mga lupa.

## Pag-usapan…



1. Basahin ang **Jeremias 42:11, 19; 43:2-7**. Isalarawan ang naging hirap ni Jeremias? Ano ang nakita nating magandang ipinakita niya sa kabila ng hirap na ito?

2. Alin sa mga karanasan ni Jeremias ang may pagkakahawig sa nararanasan mo din? Paano nakapagbigay ito ng lakas ng loob sa pagharap mo sa hirap ng sitwasyon mo?


3. Ihalintulad ang karanasan ni Jeremias sa karanasan ni Jesus? Ano ang mga nakita n'yong pagkakatulad? Paano n'yo mas nakilala ang Panginoong Jesus sa pamamagitan ng karanasan ni Jeremias?

4. Basahin ang **15:16** at **20:8-9**. Paanong ang salita ng Dios ang nakapaghikayat kay Jeremias na magpatuloy sa pagsunod sa Dios kahit na mahirap ang sitwasyon o kalagayan niya? Ano ang itinuturo nito sa atin?

5. Balikan ang **1:5-10**. Basahin din ang **1:18-19**. Anu-anong pangako ng Dios ang dapat panghawakan ni Jeremias? Para sa atin naman, alin sa mga pangakong ito ang nais ng Dios na panghawakan mo sa sitwasyong dinaranas mo ngayon?

6. Anu-ano ang natutunan mo ngayon tungkol sa Dios? Tungkol sa misyong ibinigay sa atin ng Dios at sa pagtugon na dapat nating gawin?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Binigyan tayo, tulad ni Jeremias, ng misyon na ipangaral ang kanyang salita sa ibang tao.

✓ Dapat tayong maging tapat sa pagsunod sa utos at misyon ng Dios at hindi dapat sumuko…

- Kahit na mahirap kausapin ang mga dapat kausapin;
- Kahit na mahirap solusyunan ang mga dapat solusyunan;
- Kahit na mahirap iyakan ang mga dapat iyakan;
- Kahit na mahirap iwanan ang mga dapat iwanan;
- Kahit na mahirap maranasan ang mga dapat maranasan;
- Kahit na mahirap ulit-ulitin ang mga dapat ulit-ulitin;
- Kahit na mahirap kausapin ang mga dapat kausapin

✓ Kaya kung paanong sinugo ng Dios si Jeremias na propeta sa mga bansa, at ang Panginoong Jesus para iligtas ang mga makasalanan, tayo rin ay isinusugo ng Dios sa mundong itong kailangang-kailangang marinig ang mensahe ng Dios.

✓ Hindi tayo dapat sumuko dahil kasama natin ang Dios, at nasa atin ang kapangyarihan niya at ng kanyang mga salita.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Jeremias 37-39**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Jeremias 1:18-19**, "Subalit pakinggan mo itong mabuti, Jeremias! Ang bawat isa sa buong Juda – kasama na ang mga hari, mga pinuno, mga pari, at ang buong bayan – ay kakalabanin ka. Ngunit hindi sila magtatagumpay. Magiging sintatag ka ng isang lunsod na ligtas sa anumang panganib, sintibay ng haliging bakal o pader na tanso. Hindi ka nila matatalo sapagkat iingatan kita. Akong si Yahweh ang nagsasabi nito" (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Perseveres to Rescue Us" sa http://bit.ly/31Jeremiah.

# Chapter 60 – The New Covenant

## Pag-usapan…

1. Ano ang hindi mo makakalimutan sa nakaraang kuwento o pag-aaral? Paano mo naisabuhay ang napag-aralan natin noong nakaraan?

2. Ano sa tingin mo ang epekto o mangyayari kapag mali ang “diagnosis” ng sakit? Ano sa tingin mo ang kinalaman nito sa solusyong ginagawa natin sa problema ng tao?

3. Sa mga nakakaraang mga kuwento natin tungkol sa trahedyang nangyari sa Israel at sa Judah, ano sa tingin mo ang problema nila bakit nagkaganoon? Basahin ang **Jeremias 3:17; 5:23; 7:24; 9:14; 17:9**.

4. Kung ganito ang problema ng puso ng tao, ano kaya ang solusyon? Basahin ang **Jeremias 4:4, 14**.

5. Kaya kaya ng taong gawin ang ganitong solusyon sa problema niya? Basahin ang **Jeremias 17:1; 13:23**.

6. Balikan sandali ang mga pangako (tipan/covenant) ng Dios kay Noe (**Gen. 9**), Abraham (**Gen. 12, 15, 17**), Moises/Israel (**Exod. 19-20**), at David (**2 Sam. 7**). Anu-ano ang natatandaan n’yong nakapaloob sa mga tipang ito?

7. Dito sa Jeremias at Ezekiel, nagbitaw siya ng huling tipan na tinatawag na New Covenant. Basahin ang **Jeremias 31:31-34** at **Ezekiel 36:22-27**. Anu-ano ang napansin mong pagkakatulad nito sa tipan kay Moises at Israel (Old Covenant)? Anu-ano naman ang malaking pagkakaiba nito?


8. Anu-ano ang mga ipinangako ng Dios sa Bagong Tipang ito? Alin sa mga pangakong ito ang nakikita mong angkop na angkop sa sitwasyon mo ngayon at bakit?

9. Paano nagkaroon ng katuparan ang pangakong ito sa pagdating ng Panginoong Jesus at ng Banal na Espiritu? Basahin ang **Lucas 22:14-20; Gawa 2:14-21**.

10. Kung tinupad na ito ng Dios at patuloy na tinutupad, ano ang dapat na maging epekto nito sa buhay natin bilang mga Cristiano? Basahin ang **2 Corinto 3:5-6, 17-18; 4:5-6**.

11. Anong pagbabago o adjustments ang sinasabi sa iyo ngayon ng Dios na gawin mo (at gagawin mo nga!) sa paraan ng pananalangin mo? Sa pakikipag-usap lalo na sa mga di pa Cristiano?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Gusto ng Dios na meron tayong taos-pusong relasyon sa kanya. Dahil malayo ang puso ng Israel sa Dios at sumuway sila sa mga utos niyang bigay kay Moises (sumira sa kasunduan ng "lumang tipan"), kailangan ng isang bagong tipan mula sa Dios.
- ✓ Imposible sa tao ang pagbabago ng puso. Dios lang ang makagagawa noon.
- ✓ Ang Bagong Tipan (New Covenant) ang kanyang huling kasunduan sa tao. Hindi lang ito para sa Israel kundi para sa buong mundo. Layunin nitong ibalik ang tao palapit sa kanya.
- ✓ Ipinangako niyang siya ang gagawa para mapalapit muli ang tao sa kanya, lubos na mapatawad ang kasalanan, magkaroon ng bagong puso ang taong makasalanan para makasunod sa kanya at magkaroon ng kapangyarihan galing sa Espiritu na magpatuloy hanggang wakas.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Jeremias 31; Ezekiel 36-37**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Jeremias 31:33**, “Ganito ang gagawin kong kasunduan sa bayan ng Israel pagdating ng panahon: Itatanim ko sa kanilang kalooban ang aking kautusan; isusulat ko ito sa kanilang mga puso. Ako ang kanilang magiging Diyos at sila ang aking magiging bayan” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Promises a New Covenant” sa http://bit.ly/32NewCovenant.

# Chapter 61 – Ezekiel

Story from **Ezekiel 1-3, 37**

## Panimulang usapan…



1. Bakit malaking problema ang pagiging makasarili ng tao?

2. Tama bang ang Dios lang ang maging makasarili? Basahin **Ezekiel 6:7**; **12:15**; **36:23**; **38:23**; **39:22** at **Isaias 48:11**.

3. Bakit mabuting balita sa atin na ang Dios natin ay maka-Dios? Ano ang ipinapakita nitong layunin ng buhay natin? Basahin ang **Genesis 1:26-28**; **Isaias 43:7**; at **1 Corinto 10:31**.

## Pakinggan mo ang kuwento…





(Galing sa **Ezekiel 1-3**) Isa si Ezekiel sa mga dinalang bihag sa Babylonia sa pangalawang pagsalakay sa Jerusalem. Ilang taon pagkatapos na sila'y bihagin, ilang beses na nagpakita ang Dios sa kanya at ipinakita sa kanya ang ilang larawan ng kanyang makapangyarihang presensiya.

Nakita ni Ezekiel sa kanyang pangitain ang paparating na bagyo, kumikidlat mula sa makapal na ulap kaya nagliliwanag ang paligid. Sa gitna ng ulap, may nakita siyang apat na nilalang na parang tao. Pero bawat isa sa kanila ay may apat na mukha at apat na pakpak. Ang paa nila ay parang paa ng baka. Ang mga kamay ay parang sa tao. Ang harap ng mukha nila ay mukhang tao, sa kanan ay leon, sa kaliwa ay toro, sa likod ay agila. Sa ilalim naman nila ay may gulong. Lumilipad sila nang sabay-sabay. Kung saan sila dalhin ng Espiritu, doon sila pumupunta. Kapag lumipad sila, ang pagaspas ng mga pakpak nila ay parang ugong ng rumaragasang tubig o kaya'y parang tinig ng makapangyarihang Dios o ingay ng napakaraming hukbo. At kapag tumigil sila, ibinababa nila ang kanilang pakpak.

Habang nakababa ang mga pakpak nila, may tinig na nagmumula sa itaas nila. Sa ibabaw nila ay may tila tronong gawa sa batong safiro at may parang tao sa tronong iyon. Mula baywang pataas, para siyang makintab na metal at mula naman baywang pababa, para siyang apoy na nagliliyab at napapalibutan ng nakasisilaw na liwanag. Ang liwanag na iyon sa paligid ay parang bahaghari kapag tag-ulan.

Ganoon ang makapangyarihang presensiya ni Yahweh. Nang makita iyon ni Ezekiel, lumuhod siya, at narinig ang tinig mula sa Dios, *"Sabihin mo sa Israel ang mga pinapasabi ko sa kanila, makinig man sila o hindi."*

Pagkatapos, binuhat siya ng Espiritu at may narinig siyang tinig na dumadagundong sa likuran niya na nagsasabi, *"Purihin ang Panginoon sa langit."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…




1. Sa kuwentong ito, paano ipinapakilala ng Dios ang kanyang sarili kay Ezekiel? Paano niya ipinapakilala ang sarili niya sa Israel at ano ang kinalaman nito sa nararanasan nila noon?

2. Kung ganitong klaseng Dios meron tayo, paano mo nakikita ngayon ang kaseryosohan ng magkasala tayo sa kanya? Basahin ang **Ezekiel 36:20-24** at **Roma 3:23**.

3. Ayon naman sa **Roma 9:23**, ano ang dahilan kung bakit kinaawaan tayo ng Dios kahit na karapat-dapat tayong tumanggap ng kanyang matinding parusa?

4. Paano naging kahanga-hanga ang pagliligtas na ginawa sa atin ng Dios? Bakit sa tingin mo maraming tao ngayon ang hindi namamangha sa kaligtasang ito (kahit ang ibang mga Cristiano na)?

## Pakinggan mo ang kuwento…





(Galing sa **Ezekiel 37**) Dinala ng Dios si Ezekiel sa isang kapatagang maraming nagkalat na kalansay. Tinanong siya ng Dios, *"Mabubuhay pa kaya ang mga butong ito?"* Sagot ni Ezekiel, *"Panginoon, kayo lang po ang nakakaalam niyan."*

Utos ng Dios sa kanya, *"Sabihin mo sa mga butong ito na makinig sa akin: 'Bibigyan ko kayo ng hininga at mabubuhay kayo. Bibigyan ko kayo ng mga litid at laman, at babalutin ko kayo ng balat. At malalaman ninyong ako si Yahweh. Pagkatapos, sabihin mo sa hangin: 'Umihip ka at hipan ang mga patay na ito para mabuhay.'"*

Sinunod ni Ezekiel ang iniutos ng Dios sa kanya. Habang nagsasalita siya, narinig niya ang tunog ng mga butong nagkakabit-kabit at nabuo. Nagkaroon ito ng mga litid, laman, at balat. Nagkaroon din ito ng hininga at nabuhay nga ang mga patay. Nagsitayo sila, kasindami ng bata-batalyong sundalo.

Muling sinabi sa kanya ng Dios, *"Ang mga butong ito ay ang mga mamamayan ng Israel. Sinasabi nilang wala na silang pag-asa. Kaya sabihin mo sa kanilang bubuhayin ko kayong muli at ibabalik sa inyong lupain. Ibibigay ko sa inyo ang Espiritu ko at mabubuhay kayo. At dahil dito, malalaman ninyong ako si Yahweh at tumutupad ako sa aking pangako."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…




1. Ano ang larawang ipinakita ng Dios kay Ezekiel sa pagliligtas na gagawin niya sa Israel? Ano ang gusto niyang iparating sa kanila dito? Ayon sa **Efeso 2:1, 5**, paanong tulad ng pinakita ng Dios kay Ezekiel ay ganoon din ang ginawa niya para sa atin?

2. Sa nakita nating kuwento na nagpapakita ng planong gawin ng Dios sa Israel, sa tingin mo ba'y natupad na ito ng Dios? Kung hindi pa, ano pa ang dapat nating abangang mangyari? Basahin ang **Ezekiel 37:24-28**.

3. Anu-ano pa ang mangyayaring dapat nating kasabikan? Habang naghihintay tayo sa ganap na pagpapahayag ng karangalan ng Dios, ano ang dapat nating gawin?

4. Sa anong bahagi ng buhay mo ikaw ang nagiging bida sa halip na ang Dios? Ano ang gagawin mong adjustments o pagbabago para hindi ikaw ang mabigyang karangalan kundi ang Dios lang?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang pagiging makasarili ng tao ay nasa ugat ng problema ng puso natin; ngunit tama lang na ang Dios ay maging makasarili dahil ang kanyang sarili ang pinaka-karapat-dapat pagtuunan ng pansin at bigyang karangalan nang higit sa lahat.
- ✓ Ang layunin ng buhay ng tao ay para ipakita o ipahayag ang karangalan ng Dios.
- ✓ Seryoso ang bawat kasalanang ginagawa natin laban sa Dios dahil sa masidhing pag-iingat ng Dios sa kanyang pangalan.
- ✓ Niligtas tayo ng Dios para sa kapurihan ng kanyang pangalan, kaya dapat na mamangha tayo sa karangalan ng kanyang mayamang biyaya sa atin.
- ✓ Dapat nating kasabikan at hintayin ang pagdating ng araw na ang karangalan ng Dios ay lubos na mahahayag sa lahat ng dako ng mundo.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…




1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Ezekiel 37**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Ezekiel 37:27-28**, “Ako'y maninirahang kasama nila magpakailanman. Ako ang magiging Diyos nila, sila'y magiging bayan ko. At kung mananatili sa kalagitnaan nila ang aking Templo, malalaman ng lahat ng bansa na akong si Yahweh ang humirang sa Israel upang maging akin.” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “Our God is a God-Centered God” sa bit.ly/33Ezekiel.

# Chapter 62 – Daniel and Friends

Story from **Daniel 1**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Sa unang pagsalakay ni Haring Nebuchadnezzar sa Jerusalem (586 BC), kasama sa dinalang bihag sa Babylonia ang angkan ng mga hari at angkan ng mararangal na pamilya.

Mula sa mga bihag na ito pumili si Haring Nebuchadnezzar ng mga kabataang lalaking guwapo, malusog, matalino, mabilis kumilos at madaling turuan para karapat-dapat na maglingkod sa kanya. Kabilang sa mga napili ang mula sa lahi ni Judah na sina Daniel, Hanania, Mishael at Azaria. Pinalitan ang pangalan nila at ginawang Belteshazzar, Shadrac, Meshac, at Abednego. Mula sa sariling pagkain at alak ng hari ang ibibigay sa kanila araw-araw. Tuturuan sila ng kultura ng Babylonia at sasanayin sa loob ng tatlong taon bago magsimulang maglingkod sa hari.

Pero ipinasya ni Daniel na hindi siya kakain ng pagkain ng hari o iinom ng inumin niya para hindi siya marumihan. Niloob naman ng Dios na pagbigyan siya ng katiwala ng hari.

Pero sinabi ng katiwala, *"Natatakot ako sa hari. Baka kapag nakita niyang hindi kayo malusog, ipapatay niya ako."*

Sagot ni Daniel, *"Subukan n'yo kaming pakainin lang ng gulay at painumin lang ng tubig sa loob ng sampung araw. Pagkatapos, ikumpara n'yo kami sa iba."*

Pagkatapos nga ng sampung araw, nakita niyang mas malulusog ang apat na kabataan kaysa sa iba. Binigyan pa sila ng Dios ng karunungan sa lahat ng uri ng panitikan at kaalaman. Si Daniel naman ay binigyan ng karunungan sa pagpapaliwanag ng panaginip at pangitain.

Pagkatapos ng tatlong taon ng pagsasanay nila, iniharap na sila sa hari. Pagkatapos makipag-usap sa kanila, nakita ng hari na wala silang katulad sa iba. Higit pa ang kaalaman nila sa mga kinikilalang marurunong sa buong kaharian niya.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Sa anu-anong paraan napapansin mong ang mga Cristiano ay nakikisabay o nakikiayon sa takbo ng ating mundo? Sa tingin mo, bakit nagkakaganoon?

2. Ano ang nakita mo sa kuwento na pinagkaiba nina Daniel at mga kaibigan niya sa mga Cristiano ngayon?

3. Ano ang pagkakatawag ng Dios kina Daniel at sa kanyang mga kaibigan (pati na ng mga bihag sa Babilonia na mula sa Judah? Tingnan ang **Jeremias 29:5-7**.

4. Ano ang ipinapakita nitong pagkakatulad sa pagkakatawag din ng Dios sa atin sa pamumuhay natin sa mundong ito?

5. Pero ano ang dapat na ipagkaiba natin sa mundong ito? Tingnan ang **Roma 12:2**.

6. Bakit sa tingin mo tinanggihan nila Daniel ang pagkain at inumin ng hari? Ano ang gusto nilang patunayan dito na pagkakaiba nila?


7. Madali ba ang desisyong ginawa nila? Ano sa tingin mo ang tumatakbo sa isip nila kung bakit nila ginawa iyon?

8. Ano ang natutunan mo sa kuwentong ito tungkol sa Diyos?

9. Paano ito nagtuturo sa atin tungkol kay Cristo? Tignan ang **Juan 1:14** at **Hebreo 4:15**.

10. Ano ang nakikita mong kinalaman o kaugnayan nito sa mga araw-araw na ginagawang desisyon natin (sa bahay, sa pag-aaral o sa trabaho)?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



✓ Ang mga tagasunod ni Jesus ay hindi dapat sumabay at makiayon sa takbo ng mundo natin.

- ✓ Ang buhay ng isang Cristiano ay buhay na ang layunin ay maipakilala ang dakilang Dios natin.
- ✓ Kahit na sa hirap ng buhay at mga pressures sa paligid natin, di pa rin dapat makompromiso ang pananampalataya at pagsunod natin sa Dios.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Daniel 1**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Roma 12:2**, “Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Rules All the Kingdoms of Men” sa bit.ly/34DanielPart1.

# Chapter 63 – Nebuchadnezzar's Dream

Story from **Daniel 2**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Noong ikalawang taon ng paghahari ni Nebuchadnezzar, naging paulit-ulit ang panaginip niya kaya sobra siyang nabahala. Nang ipatawag niya ang mga tauhan niya para sabihin ang panaginip niya at interpretasyon nito, wala ni isa mang makapagsabi sa kanila kaya nagalit siya.

Sumagot sila sa hari, *"Imposible po ang pinapagawa n'yo. Ang mga dios lang ang makakagawa niyan."* Lalong nagalit ang hari sa sinabi nila, kaya nag-utos siyang patayin ang lahat ng mga marurunong sa buong Babylonia.

Nang hanapin na sila Daniel para patayin din, nakiusap siyang humarap sa hari. Sinabi niya sa hari na bigyan siya ng panahong maipaliwanag ang panaginip niya. Pumayag naman ang hari. Pag-uwi ni Daniel, binalitaan niya ang tatlo niyang kasama at hinilingang manalangin. Siya din ay nanalangin sa Dios at sinabi, *"Purihin ang Dios magpakailanman, siya'y matalino at makapangyarihan. Siya ang nagpapasya kung sino ang maghahari at siya rin ang nagpapalit sa kanila. Sa kanya nagmumula ang karunungan. Kaya pinupuri ko kayo, Panginoon, dahil ibinigay n'yo sa amin ang aming kahilingan sa inyo na ipahayag sa amin ang panaginip ng hari."*

Bumalik si Daniel sa hari at sinabi, *"Mahal na hari, ang Dios po ang naghahayag ng mga mahiwagang bagay. Sinabi niya sa inyo sa pamamagitan ng panaginip ang mga bagay na mangyayari. May nakita kang isang malaking rebultong nakakasilaw at nakakatakot tingnan. Ang ulo ay purong ginto, ang mga bisig at dibdib ay pilak, ang tiyan at hita ay tanso, ang binti ay bakal, at ang paa ay halong bakal at putik. May lumabas na isang tinipak na bato na hindi gawa ng tao. Pagtama nito sa rebulto, nawasak ang buong rebulto na parang ipa sa giikan na pinadpad ng hangin kung saan-saan. Pero ang batong bumagsak sa paa ng rebulto ay naging malaking bundok at pinuno ang buong mundo.*

*"Ito naman po ang kahulugan ng panaginip n'yo. Kayo ang gintong ulo ng rebulto. Pagkatapos n'yo ay may mga susunod pang kaharian na mas mahina. At sa panahon ng mga pinunong ito, ang Dios sa langit ay magtatayo ng isang kaharian na hindi kailanman babagsak. Hindi ito matatalo ng alinmang kaharian, kundi wawasakin pa niya ang lahat ng kaharian at mananatili ito magpakailanman. Iyon ang batong dumurog sa nakita n'yong rebulto. Ang Dios ang nagpahayag nito at lahat ito ay tiyak na mangyayari."*

Pagkatapos maipaliwanag ni Daniel kay Haring Nebuchadnezzar ang panaginip nito, sinabi ng hari, *"Naniniwala ako na ang Dios mo ang siyang Dios na makapangyarihan sa lahat ng dios. Siya ang dapat kilalaning Panginoon ng mga hari."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang nagiging pakiramdam natin kung di natin alam kung ano ang mga mangyayari (tulad halimbawa ng sa pagbabangko o pagnenegosyo)? Ano naman ang kaibahan kung alam natin ang mga bagay na mangyayari?

2. Ano ang dapat na maging tugon ng lahat ng tao kung totoong ang Dios ang naghahari sa lahat?

3. Sa history, bukod sa Babylonia (625-539 BC) na siyang ulong ginto sa panaginip ng hari, may susunod dito – ang dibdib at bisig na pilak na siyang Medo-Persian Empire (539-331 BC). Pagkatapos nito ay ang Greek Empire (331-63 BC) na siyang tiyan at hitang tanso. Tapos ay ang Roman Empire (63 BC – 476 AD) na siyang binting bakal at magkahalong paang bakal at luwad. Bukod sa mga ito, may darating na kahariang tatalo sa lahat – hindi kaharian ng tao – kundi galing sa Dios. Anong kaharian ang tinutukoy dito ng Dios na darating? Sino ang hari ng kahariang ito? Dumating na ba 'to o darating pa? Basahin ang **Marcos 1:14-15**.

4. Ano sa tingin mo ang kinalaman ng kuwentong ito sa mga Israelitang tulad ni Daniel na itinapon sa ibang bansa? Ano naman ang kaugnayan nito sa buhay natin ngayon?

5. Paano ipinakilala ng Dios ang sarili niya sa kuwentong ito?

6. Basahin ang **Daniel 9:24-27**. Paliwanag ni Ptr. Derick dito sa kanyang sermon:

Sa pag-aaral ng propesiya (at kahit anong bahagi ng salita ng Dios) mahalagang alam natin ang konteksto nito para mas maintindihan natin. Sa panahong ito, hindi na Babylonia ang dominanteng empire, kundi Persia na. Kasisimula pa lang nito, at napansin ni Daniel na magtatapos na ang 70 taong sinabi ni Jeremiah na itatagal ng pagkagiba ng Jerusalem at muling babalik ang mga Judio sa kanilang lupa (Jer. 29:10). Kung 538 BC ang time nito sa Daniel, halos dalawang taon na lang 70 years na mula 605 BC nang unang lusubin ni Nebuchadnezzar ang Jerusalem at dalhin ang mga bihag sa Babylonia. Naniniwala si Daniel sa plano ng Dios. Kaya nanalangin siya, humingi ng tawad sa Dios, at hiniling na tuparin ng Dios ang pangako niya alang-alang sa kanyang pangalan (9:1-19). Sumagot naman ang Dios sa panalangin niya at ipinadala niya si Angel Gabriel para ihatid sa kanya ang mensahe ng Dios (9:20-23). Ang mga ipinasabi ng Dios mula sa verse 24 ay para magkaroon ng lalong katiyakan si Daniel sa pangako ng Dios. Ang hinihiling ni Daniel ay ang restoration ng Jerusalem, pero ang ibinigay ng Dios ay pangakong higit pa doon. Hindi ba't ganoon sumagot ang Dios sa prayers natin – he "is able to do far more abundantly than all that we ask or think" (Eph. 3:20).

May binanggit na time period sa Daniel 9:24, "Pitumpung linggo…" Literally, ito ay pitumpung pito. Puwedeng pitong araw o kaya naman ay pitong taon. Dito malinaw na taon ang tinutukoy. Dahil response ito sa hinihintay ni Daniel na 70 taon, ang sagot ng Dios ay may kinalaman sa pitong beses pa nito o 490 years (tulad ng translation sa ASD). Bago natin pag-aralan kung ano ang tinutukoy na mangyayari sa loob ng 490 taon at pagkatapos nito, dapat alam muna natin kung para saan ito. Hindi lang ito para maintriga tayo. And not just for mental or academic or exercise. Verse 24, ang panahong ito ay "itinakda ng Dios sa banal na lungsod at sa mga kababayan mo" (ASD). Para ito sa Israel, sa kababayan ni Daniel. Gustong ipaalam sa kanya ng Dios na ang plano niyang ipanumbalik ang kanyang bayan sa kanya ay hindi matatapos sa 70 taon pagkabihag nila at pagbabalik nila sa Jerusalem pagkatapos. May mas malaking plano pa ang Dios.

So, ano ang mangyayari pagkatapos ng "490 taon" na ito? Ano ang balak gawin ng Dios? Anim ang binanggit: "to finish the transgression, to make an end of sin, to make atonement for iniquity, to bring in everlasting righteousness, to seal up vision and prophecy and to anoint the most holy place" (v. 24). Ang unang tatlo ay may kinalaman sa pagkilos ng Dios laban sa kasalanan at ang huling tatlo ay may kinalaman sa pagkukumpleto ng plano ng Dios na ibalik ang kabanalan at matupad lahat ng kanyang layunin. Alam natin sa unang pagdating ni Jesus, ang ginawa niya ay pagbabayad at pag-ako sa kasalanan natin. Pero alam din nating hanggang ngayon, may kasalanan pa rin, wala pa ang "everlasting righteousness." So, ang ilan sa mga ito

ay natupad na sa loob ng “490 taon” at ang iba ay pagkatapos pa nito. Ang nakasulat dito ay natupad na ang ilan, ang iba ay hindi pa at hinihintay pa rin ang katuparan. Ito yung tension sa kingdom of God na “already and not yet.” Dumating na pero hindi pa lubos na dumarating.

“Mula sa pagbibigay ng utos na muling itayo ang Jerusalem…” (9:25). Malamang na ito ay tumutukoy sa utos ni haring Artaxerxes na binigay kay Nehemiah noong 444 BC para muling itayo ang Jerusalem (Neh. 2:1-8). Titingnan nating ang kuwento niyan next week. Kung ito ang gagamitin nating simula, makikita natin ang tatlong time periods sa 490 taong ito. Ang una ay ang unang 49 taon (o “seven seven-years”). Na pagkatapos nito ay tahimik na ang mga propeta sa loob ng halos 400 taon, habang inihahanda ang Jerusalem sa pagdating ng Mesias. Siya iyong “anointed one” (Messiah) o haring tinutukoy sa verse 25. So, 49 years plus 434 years (v. 26, “62 weeks” o 62 times 7 years) equals 483 years. Depende sa pagkakaintindi kung ilang araw sa loob ng isang taon ang tinutukoy dito, ang computation ng iba ay pagkatapos ng 483 years na ito ay 27 o 33 AD. Ito ang panahon ng pagdating ni Jesus, ng pagpasok ng Hari sa Jerusalem. At pagkatapos nito, “the Messiah will be cut off and have nothing” (v. 26), walang ibang tinutukoy kundi ang pagtatakwil kay Jesus bilang hari at pagkapako niya sa krus. Dumating ang kaharian ng Dios sa pamamagitan ni Jesus, pero tinanggihan ito ng marami. Gayunpaman, natupad ang layunin ng Dios na sa pamamagitan nito maghahari siya sa puso ng mga tagasunod ng Panginoong Jesus.

May susunod na mangyayari pagkatapos ng 69th week, pero hindi pa ito sa 70th week. Ipapaliwanag ko iyan mamaya. Anong mangyayari? Verse 26, muling wawasakin ang Jerusalem at ang templo ng mga tauhan ng haring darating. Nangyari nga ito noong 70 AD. Parang naulit ang nangyari sa panahon ni Daniel. This sweeping destruction of the city was just as Gabriel prophesied, “its end will come like a flood” (v. 26). Even Christ prophesied about these events (Matt 24:1-2). 40 years pagkatapos ng kamatayan at muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus, nilusob ng mga Romano, sa pamumuno ni Emperor Titus, ang Jerusalem. Sinunog ang templo at hanggang ngayon ay walang templo sa Jerusalem, sa halip ay nandoon ngayon ang Dome of the Rock, isa sa mga top holy sites ng mga Muslim.

Bakit may gap betweek the 69th and 70th week? Di ba’t mas natural kung tuluy-tuloy iyon? Magbibigay ako ng ilang dahilan. Una, sabi sa verse 26 na ang kamatayan ng Messiah ay mangyayari pagkatapos ng 69th week, hindi during the 70th week. Ikalawa, ang propesiyang ito ay para sa Israel. Dahil rejected ng mga Jews ang Messiah sa una niyang pagdating, tama lang na laktawan ni Gabriel ang panahon nating ito ng mga Gentiles (non-Jews) at dumiretso na sa huling pitong taon. Ikatlo, madalas ganito ang perspektibo ng mga propeta na minsan tinutukoy nila halimbawa

ang pagdating ni Jesus na parang isang beses lang – pero alam nating may unang pagdating at may pagbabalik. Ika-apat, ang layunin ng Dios o plano niyang gawin na sinabi sa verse 24 ay hindi pa natupad lahat sa unang pagdating ng Messiah. Sinabi mismo ni Jesus sa  Matthew 24:15 na ang propesiyang ito ni Daniel na mangyayari sa 70th week ay hindi pa nangyayari at tinawag niya itong “great tribulation” (24:21).

Sino ang haring darating (Dan. 9:26)? Hindi si Titus iyon. Pero malamang na manggagaling din ito sa isang revived Roman empire in the future. This ruler will be the great persecutor of Israel during the 70th week (Verse 27). Other Scriptures informs that this coming world prince is also the little horn in 7:8, “the man of lawlessness” in 2 Thess 2:3, the “antichrist” in 1 John 2:18. This most wicked “prince” will perform the abominations prophesied in Daniel 9:27.

There will be a time of greater tribulation. Ang binabanggit dito sa mga huling araw ay hindi pa nangyayari. Pero siguradong mangyayari. Mahirap na po ang buhay ngayon, mahirap maging Cristiano. Ang sistema ng mundo natin ay anti-Cristo na – the government, the education system, religions, media, etc. Pero may mas malalang pang darating. The seventieth week, which will certainly happen, will be the most terrible period in world history. Pero may tiyak na katapusan din ito. It will last only “until a complete destruction, one that is decreed, is poured out on the one who makes desolate” (v. 27). There will be an outpouring of divine wrath against him which is like the outpouring of liquid fire. He and Satan will meet their terrible end (Rev 19:20; 20:10). This prince, although a powerful ruler and will cause great destruction in the end, will himself be destroyed by the supreme Prince in his second coming.

7. Ano ang nararamdaman mo habang pinapakinggan ito? Bakit?


8. Paano nito mapapatibay ang kumpiyansa natin sa mga salita at pangako ng Dios sa atin?

9. Anu-anong takot o pangamba sa puso natin ang nawala sa pag-aaral na ito?

10. Paano pa nakatulong ang pag-aaral na ito sa pagharap mo sa hinaharap?

11. Kung totoo ang mga ito, anu-ano ang gagawin mong adjustments o pagbabago sa pag-iisip at ginagawa mo?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang Dios ang naghahari at patuloy na maghahari sa lahat ng kaharian sa mundo, kahit sa panahong parang hindi siya ang naghahari.
- ✓ Ang kaharian ng Dios ay dumating sa pagdating ni Jesus na siyang ipinangakong Haring darating.
- ✓ Ang detalye at panahon ng pagdating ni Jesus ay nakatakda na ayon sa Daniel 9:24-27.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…



- ☐ **Read.** Basahin ang **Daniel chaps. 2 & 9**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Daniel 2:47**, “Sinabi niya kay Daniel, “Tunay na ang Diyos mo ang pinakadakila sa lahat ng mga diyos at Panginoon ng mga hari. Siya ang tagapagpahayag ng mga hiwaga kaya naipahayag mo ang hiwagang ito” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God will Rule All the Kingdoms of Men” sa bit.ly/35DanielPart2.

# Chapter 64 – Nebuchadnezzar's Gold Statue

Story from **Daniel 3**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkatapos maipaliwanag ni Daniel kay Haring Nebuchadnezzar ang panaginip nito, pinarangalan siya nito at ginawang pinuno ng buong lalawigan ng Babylonia at ng lahat ng marurunong doon.

Sinabi pa ng hari, *"Naniniwala ako na ang Dios mo ang siyang Dios na makapangyarihan sa lahat ng dios. Siya ang dapat kilalaning Panginoon ng mga hari."*

Pumayag din ang hari sa hiling ni Daniel na hirangin ang tatlo niyang kaibigan para maging katulong niya sa pamamahala. Kaya namalagi si Daniel sa palasyo ng hari.

Pagkatapos nito, nagpagawa ang hari ng rebultong ginto na 27 metro ang taas at 3 metro naman ang lapad. Ibinalita sa lahat, *"Sa pagtunog ng tambuli, plauta at iba pang instrumento, lumuhod kayo agad at sumamba sa rebultong ipinatayo ni Haring Nebuchadnezzar. Ang hindi susunod ay itatapon sa naglalagablab na hurno."*

Kaya nang marinig ng mga tao ang tunog ng mga instrumento, agad silang lumuhod at sumamba sa rebulto. Pero ang mga Judiong sina Shadrac, Meshac at Abednego ay nanatiling nakatayo.

Isinumbong sila sa hari at ikinagalit ito ng hari. Pagharap nila sa hari, sinabihan sila, *"Talaga bang ayaw n'yong sumunod? Kung hindi pa rin kayo luluhod ngayon, itatapon ko kayo sa naglalagablab na hurno. Tingnan lang natin kung may dios pa na magliligtas sa inyo."*

Sumagot silang tatlo, *"O Nebuchadnezzar, kung talaga pong ganyan ang mangyayari, ang Dios na aming pinaglilingkuran ang magliligtas sa amin mula sa inyong mga kamay. Kung hindi man, hindi pa rin kami sasamba sa rebultong ipinatayo n'yo."*

Lalo pang nagalit ang hari kaya iniutos na painitin ng pitong beses pa ang hurnong pagtatapunan sa kanila. Iginapos sila at itinapon doon. Dahil sa init ng hurno, namatay ang mga nagtapon sa kanila.

Pinapanood ng hari ang nangyari at nagtaka siyang sinabi, *"Hindi ba't tatlo lang ang ihinagis sa apoy? Tingnan n'yo, bakit apat sila doon at ang isa sa kanila'y parang isang dios?"*

Kaya tinawag ng hari ang tatlo, *"Mga lingkod ng kataas-taasang Dios, lumabas kayo riyan. Halikayo rito!"* Kaya lumabas nga ang tatlo na wala man lang nakita sa kanilang pinsala o

bakas ng sunog at hindi man lang sila nag-amoy usok. Dahil dito, pinuri ng hari ang Dios, *"Purihin ang Dios nina Shadrac, Meshac at Abednego. Naging tapat sila sa kanilang Dios at hindi sumamba sa iba. Kaya iniuutos ko na sinumang magsalita ng masama laban sa kanilang Dios ay puputul-putulin ang katawan at wawasakin ang kanilang mga bahay. Sapagkat walang dios na makapagliligtas katulad ng kanilang Dios."*

Dahil dito, mas itinaas pa ng hari ang kanilang katungkulan sa Babylonia.

Sumulat din siya ng mensahe sa iba't ibang bansa: *"Nais kong ipaalam sa inyo ang mga himala at kababalaghang ginawa sa akin ng Kataas-taasang Dios. Kamangha-mangha at makapangyarihan ang mga himalang ipinakita ng Dios. Ang paghahari niya ay walang hanggan."*

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Paano naipakilala ni Daniel kung sino ang Dios sa hari ng Babylonia?

2. Sa kabila nito, ano ang masasabi mo sa desisyon ng hari na magpagawa ng rebultong ginto?

3. Bakit sumuway sa utos ng hari ang tatlong kaibigan ni Daniel? Ano para sa kanila ang mas matimbang kaysa sarili nilang buhay?

4. May mga bagay ba na legal sa bansa natin na hindi natin dapat sundin o gawin (tulad ng lotto)? Ano ang dapat nating gawin tungkol dito?

5. Ano ang pangako ng Dios na pinanghawakan ng tatlong lalaking ito na dapat din nating panghawakan para maging matatag tayo sa pagsunod sa Dios ano man ang maging kapalit sa atin? Tingnan ang **Daniel 3:17-18** at **Isaias 43:1-3**.


6. Sinasabi ng ibang Bible scholars na yung ika-apat na figure na nakita ng hari na kasama ng tatlo ay isang “Christophany” o appearance ni Cristo sa Old Testament. Bilang mga Cristiano, paanong ang pagsama ng Diyos sa atin ay nagbibigay ng lakas o encouragement sa atin sa panahon ng mga paghihirap? Tingnan ang **Isaias 7:14**; **Mateo 1:23**; at **28:20**.

7. Paano kung hayaan tayo ng Diyos sa paghihirap na nararanasan natin dahil sa pagsunod sa kanya? Paano nagpakita ng magandang halimbawa ang tatlo kung ano ang ibig sabihin ng pananampalataya sa Diyos?

8. Paanong ang Panginoong Jesus ay nagpakita ng ganitong buung-buong pagtitiwala sa Diyos sa araw na malapit na ang kanyang kamatayan sa krus? Tingnan ang **Lucas 22:42**.

9. Ano ang matututunan natin dito tungkol sa panalangin sa Diyos na hindi “demanding” pero nagpapakita ng pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos at mabuting layunin niya? Tingnan ang **Juan 14:14** at **1 Juan 5:14**.

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang buhay ng isang Cristiano ay buhay na ang layunin ay maipakilala ang dakilang Dios natin.
- ✓ Kahit na sa hirap ng buhay at mga pressures sa paligid natin, di pa rin dapat makompromiso ang pananampalataya at pagsunod natin sa Dios.
- ✓ Kahit na buhay ang kapalit, hindi natin dapat itago ang pagsunod natin kay Jesus. Ang maipakilala ang Dios sa iba ay higit na mas mainam kaysa sa sarili nating buhay.
- ✓ Sa panahon ng kahirapan, dapat tayong magkaroon ng kalakasan sa pangako ng Diyos na sasamahan tayo at tutulungan.
- ✓ Sa panalangin sa Diyos, dapat tularan natin si Jesus na buo ang tiwala sa Diyos, hindi demanding, kundi nagtitiwala sa kapangyarihan at kabutihan ng layunin ng Diyos.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

☐ **Read.** Basahin ang **Daniel 3**.


☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Daniel 3:17-18**, "… Ang Diyos na aming pinaglilingkuran ang magliligtas sa amin sa naglalagablab na pugon at mula sa inyong kapangyarihan. Kung hindi man niya kami iligtas, hindi pa rin kami maglilingkod sa inyong mga diyos ni sasamba sa rebultong ginto na ipinagawa ninyo" (MBB).

☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Rules All the Kingdoms of Men" sa bit.ly/34DanielPart1.

# Chapter 65 – Daniel in the Lions' Den

Story from **Daniel 6**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Naging tapat si Daniel sa paglilingkod sa Babylonia sa loob ng 70 taong pagkabihag sa kanila, hanggang sa panahon ni Haring Cyrus ng Persia. Sa panahong tinalo na ng Persia ang Babylonia, at si Darius na taga-Media na ang namamahala, isa si Daniel sa tatlong administrador na mamamahala sa 120 gobernador sa buong kaharian.

Dahil sa pambihirang kakayahan ni Daniel, binalak ng hari na gawin na siyang tagapamahala ng buong kaharian. Nagselos sa kanya ang ibang opisyal kaya binalak nilang paratangan siya. Pero wala silang makitang maipintas sa kanya. Sabi nila, *"Wala tayong makitang butas sa taong ito maliban na lang kung makakahanap tayo ng kasalanan na may kaugnayan sa Kautusan ng kanyang Dios."*

Dahil doon, nagkaisa silang hilingin sa hari na maglabas ng kautusan na sa loob ng 30 araw na walang mananalangin sa kahit sinong dios o tao maliban sa hari. Pumayag naman ang hari at nilagdaan ang kautusang ito.

Nang malaman ito ni Daniel, umuwi siya. Sa may bintana ng bahay niya na nakaharap sa Jerusalem, lumuhod siya at nanalangin sa Dios, tulad ng ginagawa niya tatlong beses sa isang araw.

Pinagmamatyagan pala siya ng ibang mga opisyal. Kaya nagsumbong sila sa hari. Nag-alala ang hari nang marinig ito. Gusto niyang tulungan si Daniel kaya gumawa siya ng paraan para maligtas ito. Pero binalaan siya ng mga opisyal niya na hindi makabubuti sa kaharian kung babawiin niya ang kautusang nilagdaan niya.

Kaya iniutos ng hari na hulihin si Daniel at ihulog sa balong may mga leon. Sabi niya kay Daniel, *"Iligtas ka nawa ng Dios mo na patuloy mong pinaglilingkuran."*

Mahigpit na binantayan ang balong pinagtapunan sa kanya. Pag-uwi ng hari, di siya makakain at makatulog. Kaya kinabukasan, maagang-maaga pa dinalaw niya si Daniel at kinumusta.

Sinabi sa kanya ni Daniel, *"Mabuhay ang Mahal na Hari! Hindi ako sinaktan ng mga leon, dahil nagpadala ang Dios ng kanyang mga anghel para itikom ang mga bibig ng mga leon. Ginawa niya ito kasi alam niyang malinis ang aking buhay at wala akong ginawang kasalanan*

*sa inyo."* Natuwa ang hari ng marinig iyon at makitang wala man lang galos sa katawan si Daniel - dahil nagtiwala siya sa Dios.

Ang mga nagbintang kay Daniel ang ipinahulog ng hari sa kulungan ng mga leon pati ang kanilang mga anak at asawa. Hindi pa sila halos sumasayad sa kulungan ay nilapa na sila ng mga leon.

Pagkatapos, sumulat si Darius ng mensahe sa lahat ng mga bansa: *"Iniuutos ko sa lahat ng nasasakupan ng aking kaharian na sila'y matakot at gumalang sa Dios ni Daniel. Sapagkat siya ang buhay na Dios na nabubuhay magpakailanman. Ang paghahari niya ay walang hanggan at walang makakapagpabagsak nito."*

Naging matagumpay si Daniel sa panahon ni Haring Darius, hanggang sa panahon na ni Haring Cyrus ng Persia.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento...



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento...



1. Ano ang masasabi mo sa pananampalataya ni Daniel?

2. Ano ang kaibahan nito sa maraming tao na nagsasabing Cristiano sila dito sa bansa natin?

3. Ano sa tingin mo ang magiging resulta kung magkaroon ng batas sa bansa natin na ikukulong ang lahat ng nangangaral ng Salita ng Dios o mga nagsisimba man lang? Bakit mo nasabing ganoon?

4. Ano para kay Daniel ang mas mahalaga pa sa buhay niya?

5. Paano sa tingin mo magkakaroon tayo ng ganoon ding katatag na pananampalataya sa Dios?


6. Ano ang pagkakakilala ni Daniel sa Dios na nais din niyang ipakilala sa iba (at naipakilala nga niya sa iba)? Basahin ang **Daniel 2:46-47; 4:3; 6:26**.

7. Dahil kay Cristo, ano ang pangako ng Diyos na mapanghahawakan natin sa panahong mahirap at maaaring matukso tayong ikumpromiso ang pananampalataya natin? Tingnan ang **2 Timoteo 3:1-5; 4:17-18**.

8. Ano ang magbabago sa buhay mo kung ganito ang pagkakilala mo sa Dios?

9. Kanino mo ipapakilala ang Dios na hari ng lahat?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Ang buhay ng isang Cristiano ay buhay na ang layunin ay maipakilala ang dakilang Dios natin.
- ✓ Kahit na sa hirap ng buhay at mga pressures sa paligid natin, di pa rin dapat makompromiso ang pananampalataya at pagsunod natin sa Dios.
- ✓ Kahit na buhay ang kapalit, hindi natin dapat itago ang pagsunod natin kay Jesus. Ang maipakilala ang Dios sa iba ay higit na mas mainam kaysa sa sarili nating buhay.
- ✓ Sa panahon ng kahirapan, dapat tayong magkaroon ng kalakasan sa pangako ng Diyos na sasamahan tayo at tutulungan.
- ✓ Magiging tapat tayo sa Dios kung kilala natin siya at kung naroon ang kasabikan nating maipakilala sa iba kung sino ang Dios natin. God rules all the kingdoms of men. Kilalanin mo iyan at ipakilala din sa iba.



## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- □ **Read.** Basahin ang **Daniel 6**.
- □ **Memorize**. Kabisaduhin ang **2 Timoteo 4:17-18**, “Ngunit sinamahan ako ng Panginoon at binigyan ng lakas upang makapangaral nang lubusan sa lahat ng Hentil, at ako'y naligtas sa tiyak na kamatayan. Ang Panginoon ang magliligtas sa akin sa lahat ng kasamaan at siya rin ang maghahatid sa akin nang ligtas sa kanyang kaharian sa langit. Purihin nawa siya magpakailanman! Amen” (MBB).
- □ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Rules All the Kingdoms of Men” sa bit.ly/34DanielPart1.

# Chapter 66 – Temple Rebuilding

Story from **Ezra 1-6; Haggai 1**

## Pakinggan mo ang kuwento…



Pagkatapos ng 70 taong pagkabihag ng mga Israelita sa Babylonia, tinupad ng Dios ang sinabi niya kay propeta Jeremias sa unang taon ng paghahari ni Cyrus ng Persia. Hinipo niya ang puso ng haring ito kaya nagpalabas siya ng isang panukala: *"Kayong lahat na mamamayan ng Dios, bumalik na kayo sa Jerusalem at muling ipatayo roon ang templo ni Yahweh, ang Dios ng Israel."*

Dahil dito, ang mga Israelitang ang puso'y hinipo ng Dios ay nagsibalik sa Jerusalem. Ang unang pagbabalik na ito ay pinangunahan ni Zerubabbel.

Pagkaraan ng pitong buwan, muli nilang ipinatayo ang altar para makapaghandog sila sa Dios. Kaya kahit wala pa ang templo, nagsimula na silang mag-alay ng mga handog sa Dios. Pagkatapos nito, nagtulung-tulong sila sa pagpapatayo ng templo. May mga nagbigay ng mga gamit, may mga naglaan ng oras at lakas para maitayo ito.

Nang mailatag na ang pundasyon nito, nagpatugtog sila ng pompyang at umawit, *"Napakabuti ng ating Dios, ang pag-ibig niya ay walang hanggan!"* Bagamat may mga matatandang malakas na umiyak nang makita ang pundasyon ng templo, marami rin ang nagsigawan sa tuwa.

Nang mabalitaan ng mga kaaway nila ang ginagawa nilang templo, kinontra sila ng mga ito. Inupahan nila ang matataas na opisyal ng Persia para matigil ang proyektong ito. Kaya sa loob ng halos 20 taon, hanggang sa ika-2 taon ng paghahari ni Haring Darius ng Persia, natigil ang pagpapatayo ng templo.

Dahil dito pinadala ng Dios sina propeta Haggai at propeta Zechariah para hikayatin silang muling ipagpatuloy ang gawain. Sinabi ng Diyos sa pamamagitan ni Haggai*: "Sinasabi ninyo na hindi pa ito ang panahon upang muling itayo ang aking templo. Matitiis n'yo bang tumira sa magagandang bahay habang wasak ang templo? Isipin ninyo ang mga nangyayari sa inyo. Marami kayong tanim, pero kaunti naman ang ani. May pagkain, inumin, damit at sweldo kayo, pero kulang pa rin. Kaya isipin ninyo ang mga nangyayari sa inyo."*

Kaya ipinagpatuloy nilang matapos ang templo hanggang sa ika-6 taon ni Haring Darius, eksaktong 70 taon nang ito ay wasakin ng mga taga-Babylonia. Masayang nagdiwang ang mga tao nang ito ay maitalaga sa Dios dahil ang Dios ang nagbigay sa kanila ng kagalakan at tumulong sa kanila para matapos ito.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Basahin ang **Jeremiah 25:11-14; 32:36-38**. Paanong ang kuwento ngayon ay nagpapakita ng katibayan ng katuparan ng mga pangakong ito ng Diyos (**Ezra 1:1**)? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos?

2. Ayon sa **Ezra 1:1**, sino ang nag-udyok kay Haring Cyrus para magbigay ng kauturan tungkol sa pagbabalik nila sa Jerusalem? Ayon naman sa **Ezra 1:5**, sino ang nag-udyok sa mga tao na bumalik? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Diyos at ang gawa niya sa puso ng mga tao (the sovereignty of God and human responsibility)?

3. Nang mailatag na ang pundasyon ng templo, ano ang naging magkakaibang damdamin ng mga tao? Tingnan ang **Ezra 3:10-13**. Bakit ganito ang naging reaksyon nila? Bakit ang iba ay umiyak at ang iba naman ay umawit nang papuri sa Diyos?

4. Bakit natigil ang pagpapatayo ng templo? Bakit inabot ng 20 taon ang pagkakatigil ng proyektong ito? Ano ang sinasabi nito sa puso ng tao?

5. Ano ang naging tugon ng Diyos dito? Ano ang itinuturo nito sa katangian ng Diyos?

6. Ano ang mensahe ni Haggai na nakasulat sa **Haggai 1:1-11**. Ano ang nais sabihin ng Diyos sa kanila?

7. Ano ang naging tugon ng mga tao sa mensaheng ito? Ano ang itinuturo sa atin nito tungkol sa kahalagahan ng salita ng Diyos at pagtugon sa salita ng Diyos para sa pagbabagong (renewal) desire at prayer natin para sa church?


8. Ano ang naging damdamin nila nang matapos ang templo? Ano ang itinuturo nito tungkol sa dahilan kung bakit tayo rin ay nagpupuri at umaawit sa Diyos sa pagsamba?

9. Paanong si Jesus ang katuparan ng kuwentong ito? Basahin ang **John 2:19-21**.

10. Ano ang itinuturo nitong layunin ng Diyos sa buhay nating mga Cristiano at sa church na kinabibilangan natin bilang templo ng Diyos (**1 Cor. 3:16-17; 6:19-20**).

11. Ano ang kahalagahan ng Salita ng Diyos, ng panalangin, at ng mga pastors/elders para magkaroon ng ganitong spiritual renewal sa church?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Tapat at makapangyarihan ang Diyos na tumutupad sa kanyang mga pangako. Siya ang humihipo sa puso ng mga tao, kahit ng isang hari, para maisakatuparan ang layunin niya.
- ✓ Madali tayong panghinaan ng loob at ma-distract sa misyong ipinapagawa ng Diyos sa atin.
- ✓ Ginagamit ng Diyos ang mga salita niya sa pamamagitan ng mga tagapagturo nito (pastors/elders) para sawayin tayo at ibalik tayo sa pagsunod sa Diyos.
- ✓ Si Jesus at ang ginawa niya sa krus ang naging katuparan ng layunin ng Diyos sa templo, ang maibalik tayo sa presensiya ng Diyos.
- ✓ Bilang isang church, tayo ang bagong templo ng Diyos. Sa pamamagitan ng Espiritung kumikilos sa atin sa pamamagitan ng itinuturong Salita ng Diyos at panalangin ng mga pastors/elders at iba pang members ng church, lumalago tayo sa kabanalan at nasasanay na ilaan ang buhay natin para sa misyong ibinigay sa atin ni Jesus.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…


- ☐ **Read.** Basahin ang **Ezra 1, 3-4.**
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **Haggai 1:2-5**, "Ito ang sinabi ng Panginoong Makapangyarihan sa pamamagitan ni Propeta Hageo, 'Sinasabi ninyo na hindi pa ito ang panahon upang muling itayo ang aking templo. Matitiis n'yo bang tumira sa magagandang bahay habang wasak ang templo? Isipin ninyo ang mga nangyayari sa inyo" (ASD).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Restores His People" sa bit.ly/36EzraNehemiah.

# Chapter 67 – Ezra

Story from **Ezra 7-10**

### Pakinggan mo ang kuwento…





Pagkaraan ng halos 60 taon, sa ika-7 taon ng paghahari ni Artaxerxes ng Persia, pinangunahan naman ni Ezra ang ikalawang grupo ng mga Judio na bumalik sa Jerusalem mula sa Babylonia. Si Ezra ay isang tagapagturo na lubos na nakakaalam sa Kasulatang ibinigay ng Dios kay Moises para sundin ng Israel. Tinutulungan siya ng Dios dahil sa pagsisikap niyang pag-aralan at isabuhay ang Salita ng Dios, at ituro ang mga ito sa mga tao para sila rin ay makasunod sa Dios.

Isang araw, lumapit kay Ezra ang ilan sa mga lider nila at sinabi, *"Meron pong ilang mga kababayan natin - pati nga mga pari - ang namumuhay katulad ng mga tao sa paligid nila. Gumagawa sila ng mga karumal-dumal na gawain ng mga Cananeo, Heteo, Perezeo, Jebuseo, Ammonita, Moabita, Egipcio at Amoreo. Nagsipag-asawa sila at ang mga anak nila ng galing sa mga lahing ito. Kaya nahaluan ang bayang ibinukod ng Dios ng ibang mga lahi. Mga pinuno pa at opisyal natin ang nangunungan dito."*

Nang marinig ito ni Ezra, pinunit niya ang damit niya, sinabunutan ang buhok, at naupong tulala dahil sa pagdadalamhati. Sinabi niya sa Dios, *"Dios ko, hiyang-hiya po ako dahil sa malala na ang kasalanan namin na parang umapaw na at umabot na sa langit. Nagkasala kami sa iyo, binalewala namin ang mga utos n'yo. Inaamin po naming hindi kami karapat-dapat manatili sa presensiya n'yo."*

Habang nananalangin si Ezra, marami ring mga lalaki, babae, at mga kabataan ang nakapaligid sa kanya at umiiyak din nang malakas. Tumayo si Ezra, at sinabi sa mga tao habang sila ay nanginginig, *"Nagkasala kayo. Ipahayag n'yo ang kasalanan ninyo sa Dios at gawin ang kalooban niya. Ibukod n'yo ang sarili n'yo sa mga tao sa paligid n'yo at hiwalayan n'yo ang asawa n'yong mga dayuhan."*

Sumagot ang mga tao, *"Tama ka! Gagawin namin ang mga sinabi mo."* At pinalayas nga ng karamihan ang mga asawa nilang dayuhan, pati mga anak.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Isaralarawan si Ezra bilang isang lider. Paano siya nagsisilbing magandang halimbawa tungkol sa dapat na ugali’t disiplinang kailangan natin sa Salita ng Diyos? Tingnan ang **Ezra 7:10**.

2. Ano ang masamang balitang nakarating sa kanya? Bakit ayaw ito ng Diyos? Basahin ang **Deuteronomio 7:1-6**.

3. Bakit ayaw din ng Diyos para sa mga Cristiano na mag-asawa ng mga di-Cristiano? Tingnan ang **1 Corinto 7:39** at **2 Corinto 6:14-18**.

4. Ano ang itinuturo nito tungkol sa intensyon ng Diyos sa pagliligtas sa atin?

5. Ano ang naging tugon ni Ezra sa nabalitaan niyang kasalanan ng mga tao?

6. Ano ang itinuturo nito sa pagtugon na dapat nating gawin sa sarili nating kasalanan? Tingnan ang **1 Juan 1:9** at **Santiago (James) 5:16**.


7. Ano ang itinuturo nitong dapat nating gawing tugon sa kasalanan ng mga kasama nating miyembro ng church, lalo na ang mga ayaw pagsisihan ang kasalanan nila? Pwedeng tingnan ang **Mateo 18:15-17**; **Galacia 6:1-2**; at **1 Corinto 5**.

8. Ano ang dapat nating alalahanin tungkol sa ginawa ni Jesus sa krus para sa ating mga kasalanan sa tuwing hihingi tayo ng tawad sa kanya o kung kakausapin natin ang mga miyembro natin na nagkakasala sa Panginoon?

9. Ano ang matututunan natin dito tungkol sa tungkulin natin sa isa’t isa bilang miyembro ng church?

10. Anu-ano ang dapat nating ipanapalangin para sa mga members ng church? Sa mga may-asawa? Sa mga singles? Sa mga nagkakasala?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating…



- ✓ Mahalaga ang Salita ng Diyos (ang Bibliya) na pinag-aaralan natin, sinusunod at itinuturo sa iba. Ito ang nagtuturo, sumasaway, nagtutuwid at nagsasanay sa atin as katuwiran (**2 Tim. 3:16-17**).
- ✓ Sa pagliligtas ng Diyos sa atin, nais niyang maging "intimate" ang relasyon natin sa kanya kaya ayaw niyang sasamba tayo sa mga diyus-diyosan o makikipagrelasyon sa mga di-Cristiano na siyang magdadala sa atin palayo sa Diyos.
- ✓ Tapat ang Diyos na magpapatawad sa mga kasalanan natin kung aaminin natin ang kasalanan natin at hihingi ng tawad sa kanya.
- ✓ Ang Panginoong Jesus ay namatay para tiyakin ang pagpapatawad ng Diyos sa atin.
- ✓ Iniligtas niya tayo para mapabilang sa isang church at bilang mga miyembro nito ay may pananagutan tayo sa isa't isa na tulungan ang bawat isa na labanan ang kasalanan.
- ✓ May pananagutan tayo sa Diyos na panatilihin ang kabanalan ng iglesya bilang patotoo sa mga tao sa mundo kung sino ang Diyos na sinasamba natin.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…



1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…




- ☐ **Read.** Basahin ang **Ezra 9-10**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **1 Juan 1:8-10**, “Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili at wala sa atin ang katotohanan. Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid. Kung sinasabi nating hindi tayo nagkasala, ginagawa nating sinungaling ang Diyos, at wala sa atin ang kanyang salita” (MBB).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na “God Restores His People” sa bit.ly/36EzraNehemiah o ang “Confession and Repentance (Ezra 9-10)” sa bit.ly/Ezra910.

# Chapter 68 – Nehemiah

Story from **Nehemiah 1-13**

## Pakinggan mo ang kuwento…





Labintatlong taon mula sa pagdating ni Ezra sa Jerusalem, sa ika-20 taon ng paghahari ni Artaxerxes, may dumating na masamang balita kay Nehemiah, tagasilbi ng alak ng hari. Ibinalita ni Hanani, na isa ring Judio na tulad niya*, "Hirap na hirap po ang mga nagsibalik sa Juda, nilalait sila ng mga tao sa paligid nila at hanggang ngayon, sira pa rin ang pader at mga pintuan ng Jerusalem."*

Nang marinig niya iyon, ilang araw siyang nagdalamhati, nag-ayuno, at nanalangin sa Dios, *"Panginoon, alam kong tumutupad kayo sa mga pangako n'yo. Humihiling po ako sa inyo araw at gabi para sa inyong bayang Israel. Inaamin po naming nagkasala kami sa inyo. Pero ngayon ay nanunumbalik kami sa inyo. Bigyan n'yo po ako ng tagumpay sa harapan ng hari."*

Dininig nga ng Dios ang panalangin ni Nehemiah, pinayagan siya ng hari na pumunta sa Jerusalem at pangunanahan ang pagsasaayos ng mga pader nito.

Pagdating niya sa Jerusalem, siniyasat niya ang mga sira sa pader. Sinabi niya sa mga tao, *"Nakita n'yo ang kaawaawang kalagayan ng lungsod natin. Muli nating itayo ang pader para hindi na tayo mapahiya."*

Sumagot sila, *"Sige muli nating itayo ang pader."*

Pero may ilan na kumontra sa kanya at pinagtawanan sila. Sinagot sila ni Nehemiah, "*Magtatagumpay kami sa pamamagitan ng tulong ng Dios sa langit."*

Dahil doon, nagtulung-tulong sila sa pagtatayo ng pader. Kahit na may mga nananakot at tumutuligsa sa kanila, nagpatuloy pa rin sila. Natapos nila ang pader dahil sa palagian nilang paghingi ng tulong sa Dios at kapag pinanghihinaan ng loob ang mga tao, sinasabi sa kanila ni Nehemiah, *"Huwag kayong matakot. Alalahanin natin ang makapangyarihan at kamangha-manghang Dios natin."*

Natapos ang pader sa loob lamang ng 52 araw. Nang mabalitaan ito ng mga kalaban nila, natakot sila at napahiya. Napag-isip-isip nila na natapos ang gawaing iyon sa pamamagitan ng tulong ng Dios.

Pagkatapos nito, nagkaisa ang mga tao at nagtipon sa plasa. Hiniling nila si Ezra na basahin sa kanila ang Aklat ng Kautusan. Kaya nang araw na iyon, nagtipon ang mga lalaki, mga babae at mga batang nakakaunawa na at binasa sa kanila ni Ezra nang malakas ang Aklat ng Kautusan mula sa pagsikat ng araw hanggang sa tanghali. Katulong ni Ezra ang mga Levita sa pagpapaliwanag sa mga tao kung ano ang kahulugan nito, para maunawaan nila.

Nag-iyakan ang mga tao nang marinig nila ang mensahe ng Dios. Sinabihan lang sila ni Nehemiah na 'wag umiyak, sabi niya, *"Magdiwang kayo, magsalu-salo tayo at bigyan ang mga walang pagkain, dahil ang araw na ito ay para sa Dios. Huwag kayong mag-alala, dahil ang kagalakang galing sa Dios ang magpapalakas sa inyo."*

Umuwi sila at nagdiwang nang may lubos na kagalakan dahil naunawaan nila ang mensahe ng Dios na binasa sa kanila. Nang sumunod sila sa narinig nilang mga utos ng Dios, labis ang kasiyahan nila - hindi pa nila naranasan ang ganito simula nang panahon ni Josue, mula sa panahong unang makatuntong sa Lupang Pangako ang Israel.

## Kayo naman ngayon ang magkuwento…



[Pwedeng pagtulung-tulungan ng grupo na ulitin ang kuwento, at pagkatapos ay isa sa kanila ang magkukuwento. O kaya naman, pwede rin nilang ulitin ang kuwento sa kanilang ka-partner, at pagkatapos ay may magka-partner na uulit ng kuwento sa buong grupo.]

## Pag-usapan natin ang kuwento…



1. Ano ang problemang nakarating kay Nehemiah? Bakit ito malaking problema?

2. Ano ang naging reaksyon at tugon ni Nehemiah sa nabalitaan niyang problema? Paano ito nagpapakita ng magandang katangian ng isang leader na dapat nating tularan?

3. Anu-ano pang problema ang kinaharap ni Nehemiah sa kuwento? Anu-ano pang magandang katangian ng isang leader ang nakita natin sa kanya?

4. Paano mo nakita ang pagkilos ng Diyos sa kuwentong ito? Paano nagpapakilala ang Diyos sa kuwentong ito?

5. Ano ang matututunan natin sa kuwentong ito tungkol sa kahalagahan ng panalangin? Basahin ang **Nehemiah 1:4-11.**

6. Ano ang matututunan natin sa kuwentong ito tungkol sa kahalagahan ng pagtuturo at pag-unawa sa Salita ng Diyos? Paano nagiging totoo sa church natin ang tulad ng nangyari sa **Nehemiah 8**.


7. Ano ang naging tugon nila sa Salita ng Diyos? Ano ang naging resultang dulot nito?

8. Paanong ang kuwentong ito ay naghahanda at nagtuturo sa pagdating ni Jesus? Sa paanong paraan nakahihigit siya kay Nehamiah at Ezra bilang "Prophet, Priest and King" na siyang kailangan natin sa buhay natin at sa church natin?

9. Ayon sa **2 Corinto 3:18** at **4:4-6**, paano natin mararanasan ang tunay na "spiritual reformation"?

10. Ano ang kahalagahan ng church para makatulong sa atin para maranasan itong "spiritual reformation"?

## Sa kuwentong ito, natutunan nating...



- ✓ Nagkakaroon ng spiritual reformation sa buhay natin, at sa church natin kung babad tayo sa pag-aaral ng Salita ng Dios, at buong puso at buong lakas na susunod sa kanya. Kasama dito ang pag-amin sa kasalanan natin (confession).
- ✓ Kung gawa ng Dios ang spiritual reformation, mananalangin tayo. Hindi yung prayer na basta-basta lang. Ito yung prayer na buong-pusong inaamin sa Dios na wala tayong magagawa sa sarili natin.
- ✓ Ang Diyos ang nagpapadala ng leaders para pangunahan ang kanyang mga anak tungo sa katuparan ng kanyang layunin.
- ✓ Si Jesus ang pinaka-leader (Prophet, Priest and King) na siyang nangunguna sa atin para madala tayo sa Diyos at sa pagsunod sa kanyang kalooban. Nangyayari ang spiritual reformation sa buhay natin at sa church natin kung sama-sama tayong titingin sa kanya.

## Upang ang kuwentong ito ay bumago sa buhay mo…

1. Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu na baguhin sa puso mo, bilang tugon sa kuwentong ito?

2. Ano ang dapat magbago sa relasyon mo sa Diyos at sa ibang tao (lalo na sa pamilya mo)?

3. Ano ang gagawin mo, sa tulong ng Espiritu, para makasunod sa nais ng Diyos bilang tugon sa kuwentong ito?

## Para sa karagdagang pag-aaral…

- ☐ **Read.** Basahin ang **Nehemiah 1-4, 8**.
- ☐ **Memorize**. Kabisaduhin ang **2 Corinthians 3:18**, "And we all, with unveiled face, beholding the glory of the Lord, are being transformed into the same image from one degree of glory to another. For this comes from the Lord who is the Spirit" (ESV).
- ☐ **Listen**. Pakinggan ang sermon na "God Restores His People" sa bit.ly/36EzraNehemiah.